

ANG TANGING INILAN NG DIOS NA DAKO NG PAGSAMBA



'Gandang umaga! Masayang maparito ngayong umaga. At nagagalak tayo, kinalulugdan itong dakilang pagsasama-sama sa palibot nitong mga lumang awiting ito ng pananampalataya. Gustong-gusto natin 'yan. Hindi ba? Ang korong *Amen*. Iyon ay kung ano Siya, ang *Amen*, kita n'yo. Nasa Kaniya ang mga huling salitang sasabihin.

² Nakaupo ako doon na nakikipag-usap sa matagal ko nang kaibigan, na si Kapatid na Brown, habang patuloy ang awitan. At sabi niya, "Kapatid na Branham, hindi ko nakita hanggang kahapon, kung ano ang tinutukoy mo." Sabi niya, "Kung makapasok lang sana ang mga tao sa mga sinasabi mo," sabi, "lahat ng mga hadlang ay aalis sa daan." Talagang tama 'yan. Tama 'yan. Talagang tama ito. Kung mahawakan n'yo lang sana Ito at maunawaan Ito. Kita n'yo?

³ Nakikipag-usap sa munting kaibigan ko, na si Ernie Fandler. Sa palagay ko ang ilan sa inyong mga nasa labas na nakakonekta sa linya rito ay maaalala si Ernie, kung paano siya napagbagong-loob, kung paano siyang nailapit sa Panginoon. Hindi siya gaanong makapagsalita ng Ingles, o kaya nais kong pumarito siya para magsalita. At napagbabaliktad niya ang kaniyang mga *we* at *W*. Tinatanong niya sa akin kung naaalala ko 'yung panahon sa Shawano kung saan siya nakatira. May lalaking namatay mismo doon sa pagtitipon, namatay doon sa kinauupuan nito, Lutheran. Pinatahimik namin ang lahat. Sinalita ang Salita ng Panginoon sa kaniya, nabuhay siyang muli, dumating mismo sa kaniya. Hindi nila nakalimutan iyon, gusto nilang bumalik kami muli.

⁴ Ang intindi ko'y sa Pransiya, ngayong umaga, higit pa sa dalawang libong Pranses ang nag-aayuno nang ilang araw na upang dumating kami at dalhin ang Mensahe sa Pransiya sa Pranses. Ang buong bansang Protestante, parteng Protestante ng bansang Pransiya. At kaya kami ay . . .

⁵ Sadyang nagpapasimula pa lang itong mamukadkad ngayon, sadyang nag-uumpisa nang, ang talukap ay humihiwalay na para 'yung trigo ay mabilad na doon ngayon. Kita n'yo? Kaya manatili lamang na mapitagan, manatiling nananalangin. Kita n'yo? Alalahanin, "Silang nangaghihintay sa Panginoon, ay mangagbabagong-lakas."

⁶ Ngayon, mayroong . . . Ako'y . . . tumatanda na, at naisip ko, "Ako ba'y . . . Magkakaroon pa kaya ng isa pang rebaybal, na

makikita ko sa ibang panahon?” At tandaan lamang, mula sa kanluran ay darating ang isang nakasakay sa puting kabayo. Tatahakin natin ang landas na itong muli. Tama 'yan. Sa sandaling makapaghanda na tayo. Iyon ay isang pangako, nakita n'yo.

⁷ Ngayon, nais kong sabihin kay Kapatid na Leo . . . tinutukoy ko si Kapatid na Wood kagabi, tungkol sa kapatid niya na naparito. Kapatid na Leo, kung ikaw at ang munting grupo riyang nakakonekta rito sa umagang ito; Kapatid na babaeng Mercier, narito ang iyong ama. Nakita ko siya kagabi. Narito siya sa isang dako dito sa gusali, at mukha naman siyang mabuti at masigla.

⁸ Noong umagang pinagaling siya doon sa tabernakulo, ay may dalawang malalang kaso ng kanser, na naghihingalo na talaga, at kapuwa silang gumaling. At ang kanilang ama, isang matandang lalaki na inatake sa puso, ay naisalba sa kapurihan ng Dios. At narito siya sa pagtitipon sa kung saan man. Hindi ko siya makita sa gitna ng karamihan ngayon, subali't nandito siya kagabi.

⁹ Pagbati sa inyong lahat sa buong bansa; dito sa kahanga-hangang lugar na ito, ng Life Tabernacle dito sa Shreveport, na nagsisiksikan ang mga tao para sa Sunday school. Alam n'yo, kung naninirahan ako sa Shreveport, hindi sa pagsasalita ng laban sa kanino man, subali't ito ang dakong pagsisimbahan ko, dito mismo sa Life Tabernacle. Hindi ito isang denominasyon. Ang Life Tabernacle, ay sa araw na ito, ay isang tabernakulong bukas sa lahat ng denominasyon. Lumabas sila sa mga denominasyon dahil tinanggap nila ako at itong Mensaheng ipinangangaral ko. Si Kapatid na Jack Moore, na kapatiran ko't kaibigan, inalis siya sa denominasyon dahil nakisama siya sa akin. At kaya sa palagay ko nararapat na bigyan siya ng pagkilala. Tama 'yan. Pagpalain siya ng Dios. At hahawakan ang mga kamay niya sa pananalangin, at manampalatayang kasama niya.

¹⁰ At ngayon si Kapatid na babaeng Moore, hindi ko siya nakikita saan man, siya . . . Oo, banda rito. Mukha siyang batang babae na nakaupo banda roon ngayong umaga, nakabihis nang maayos, bago, at tila ba isang damit para sa Linggo ng Pagkabuhay. At ito—para bang . . . hindi man lang siya nakilala mismo ni Kapatid na Jack. Ngayon, Sister Moore.

¹¹ Talagang kinasasabikan natin sina Anna Jeanne at Don, at lahat sila. Nagagalak akong makita si Kapatid na Nolan, isa siya sa mga katuwang dito.

¹² At si Kapatid na Ernie, tinanong ko siya kahapon kung aawitin niya 'yang *Amen*. May rekord ako nito, at nagasgas ko na 'yun sa pakikinig ko lamang rito, *Amen*. Sa tingin ko bagay sa tinig niya iyan; hindi mapapantayan ng sinuman sa kanila.

At ang munting si Judy, napansin ko siya; 'yung dalawa, para silang magkapatid na lalaki't babae. Hindi ba? Mag-asawa sila. Tingnan n'yo ang isa't isa sa kanila, makikita n'yo kung paanong sila'y hawig na hawig. Kita n'yo? At totoong kaibig-ibig na munting mag-asawa. Iyon, alam ninyo, iyon ay. . . si Kapatid na Palmer na kaaakyat lang sa mga ginintuang hagdanan, 'yon ang anak niyang babae at manugang. At iyon ay. . . Tunay siyang kaloob sa kaniyang mabuting pagpapalaki ng anak. At may iba din siya, nakapag-asawa ng mga ministro din, at ito ang mga ebanghelista at nasa kanilang larangan, at iba pa. Kaya't sadyang napakadakila nito.

¹³ Hindi ko pa nakikita si Kapatid na babaeng Palmer. Totoo, hindi ko alam kung makikilala ko siya kung makita ko siya, o hindi. Siya'y, marahil, nasa isang dako (siyempre) sa pagtitipon. Doon sa likuran; pagpalain ka ng Dios, Sister Palmer.

¹⁴ Nangangatal ang puso ko sa tuwing naiisip ko ang tungkol dito. Kaaakyat lamang ni Kapatid na Palmer sa hagdanan hanggang sa, ilang sandali lamang, hanggang sa makarating sa akin ang mensahe na yumao na siya. Sadyang hindi ko iyon mapaniwalaan. Tinawagan ako ni Billy, at may nakakuha. . . at alam na nila. Kami'y naging magiliw na magkaibigan, at ang malaman na wala na siya, ay talagang nakakapanghina. Subali't kailangan nating lahat na lumisan, maging sino pa man tayo, kailangan nating lumisan nang isa-isa. Subali't may isang bagay lang, "Dinggin natin ang wakas ng bagay: Ikaw ay matakot sa Dios at sundin mo ang Kaniyang mga utos, sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao," Ecclesiastes 12.

¹⁵ Ngayon, wala akong gaanong panahon para sa pang-Sunday school na araling ito, at paos ako.

¹⁶ Siyanga pala, si Kapatid na Pearry Green ay gumawa ng isang magiting na bagay. Narinig niya akong nagsabi kagabi, "Nakalimutan ko 'yung aking munting peluka para panatilihin akong. . ." Tumawag siya roon at sinikap na may magdala niyon para sa akin. Sabi ko, "Nahuli ka na, namamaos na ako." Maraming taon ko nang sinikap na makahanap ng katuparan, nguni't noong magkaroon ako ng ganoon, nalunasang nito iyon. Subali't nakalimutan ko iyon sa pagkakataong ito, kaya't ako'y medyo namamaos. Kaya pagtiyagaan ninyo ako, kung maaari, sa pagsasalita.

¹⁷ Ngayon, ilan ang gustung-gusto ang Sunday school? Oh, naku, tama 'yan. Isang mabuting bagay ito na papuntahin ang inyong mga anak. Hindi, hayaang itama ko 'yan, mabuting bagay na *pagdalhan* sa mga anak n'yo. Tama 'yon, upang dalhin ang inyong mga anak; pumunta rin kayo. Ilan ang nakakaalam kung paano nagpasimula ang una nating Sunday school? Saan 'yun nagsimula? Inglatera. Ano ang unang itinawag dito? *Ragged school*. Tama iyon, tinatawag na "Ragged school." Nakalimutan

ko na ang pangalan ngayon niyaong taong nagtatag nito. Ano nga iyon, ang pangalan niya? [May nagsasabi, “Robert Raikes.”—Pat.] Tama iyon, talagang tama. At kinuha niya ang mga maliliit na bata sa lansangan (mga madudungis, at walang mapuntahang dako, at napakasama), at dinala sila rito at nagumpisang turuan sila ng mga aral tungkol sa Biblia. At lumago itong isa sa mga pinakadakilang kaayusan sa iglesya, halos, sa araw na ito, ang Sunday school. Mabuting puntahan. Tiyaking makadalo, dalhin ang inyong mga anak. Sa palagay ko ay may mga guro ang tabernakulo dito, silid na may mga kagamitan, may para sa iba’t ibang edad, at iba pa. At kayong mga bagong tanggap na kakalapit pa lamang kay Cristo, patuloy kayong sumunod sa Mensahe; pumunta kayo rito sa Life Tabernacle, at mabuti ang idudulot nito sa inyo.

¹⁸ Ngayon, sa gabing ito ay magkakaroon tayo ng isang makalumang hanay ng pananalangin. Mananalangin lamang tayo para sa mga maysakit gaya ng dati nating ginagawa, Kapatid na Jack at Kapatid na Brown.

¹⁹ Naaalala ko si Kapatid na Brown na sinisikap na ipamigay ang mga kard na iyon ng pananalangin, at kung paanong siya ay ministro mismo. . . At noong mga araw na iyon, sa isang organisasyon na aming . . . ginigipit nila siya, alam n’yo na, “Ako—kapatid ninyo ako,” sa bagay na ito, alam n’yo. “Kailangan ninyo akong papuntahin doon.” Oh, talagang nahirapan siya, subali’t nanatiling sadyang lalong matapat. Si Kapatid na Brown ay isang mabuting tao. At kaya nga minamahal natin siya.

²⁰ At habang nakikita kong kaming lahat, kaming tatlo ay nagiging . . . Papatanda na nang papatanda, sa hangganan. Magiging napakalungkot na bagay kung hindi namin nailagay ang dakilang bagay na ito sa kalooban namin, kung ano ang alam namin na Katotohanan. Nahahanda pa lamang kami na bumalik isa sa mga araw na ito, pabalik sa aming kabataan muli, upang hindi na . . . ang mga katawan namin na binago na, ginawa sa Kaniyang wangis upang tumayo. “Sapagka’t kung masira itong tabernakulong ukol sa lupa na ating tirahan, may isa nang naghihintay.”

²¹ At ang ipinagpapasalamat na bahagi nito, mahal na kaibigan, na ang minamahal na Panginoong Jesus. . . Kayong nagtitiwala sa akin para sabihin sa inyo ang Katotohanan; ang minamahal na Panginoong Jesus, isang umaga ng mga alas-otso, ay ipinakita sa akin ang Lupaing iyon. Ngayon, hindi iyon—hindi iyon isang pangitain; subali’t ayaw kong sabihin iyon. Ano pa man iyon, iyon ay kasing totoo ng nakikipag-usap ako sa inyo rito. Ngayon, nakita ko na ang mga mukha ng mga taong iyon, at hindi ko sila makilala, nanumbalik sila sa kabataang muli. At sila’y kasing totoong gaya. . . hahawakan ko ang kanilang mga kamay at bagay-bagay. Talagang totoo. . .

22 At natulungan ako nito, dahil may kaisipan ako dati: kapag namatay ang isang tao, umalis lang ang kaluluwa nila. Subali't noong binanggit Niya iyon sa akin, na "Kung itong tabernakulong ukol sa lupa na ating tirahan ay...may isa na tayo." Kita n'yo? At lahat dapat sa atin ay tatluhan, para makapagpaging kasakdalan. Kita n'yo? At may isang katawan dito, pagkatapos ang katawang iyon doon na siyang—siyang katawang celestial, at pagkatapos ang niluwalhating katawan sa pagkabuhay na mag-uli. Kita n'yo, pinapaging kumpleto nito iyon. Kita n'yo? Kaya't ito'y isang...Hindi ito kathang-isip, hindi ito isang ideya, hindi ito isang espiritu. Lalaki't babae itong gaya mo, sadyang katulad na katulad.

23 At noon, mga taon na ang nagdaan, nakita ko ang lugar ng mga napahamak, at naroon. Sinasabi ko sa iyo, kaibigan, bilang matanda na, hayaang himukin kita dito, sa buong bansa ngayong umaga, huwag na huwag mong hangarin na matanaw ang lugar na iyon. Walang paraan man lang na magawa kong... kung ako'y isang pintor na may pinsel hindi ko maipipinta ang naturang larawan. Bilang isang ministro, hindi ko mailalarawan sa inyo. Sinasabi na ang impiyerno ay lugar na nasusunog, milyong beses na masahol pa iyon doon, ang mga kasindak-sindak na kaakibat nito.

24 At ang Langit...o ang dakong ito, saan man iyon, hindi ko alam ang itatawag dito. Tinukoy Niya ito na "mga kaluluwang nasa ilalim ng dambana." Subali't noong iyon, hindi ko pa kailanman...Walang paraan na maipaliliwanag kung gaano kadakila iyon. Mayroong...Ngayon, kailangan lamang ninyong paniwalaan ang sinasabi ko, tao lang ako. Kita n'yo? Subali't ang mga pangitaing ito na palaging natutupad kung paanong sinabi ko sa inyo, at alam ninyong ang bawa't isa sa mga iyon ay naging totoo, *iyon* ay totoo rin. Ano man ang gawin ninyo, kung nagkulang man kayo sa lahat ng bagay (kalusugan, kalakasan, ang paningin ninyo, anoman ito), huwag ninyong palalampasin Iyon. Walang bagay na maitutulad doon. Ito'y... Walang—walang salita sa wikang Ingles, na alam ko, na makapagpapahayag niyon. Kung sasabihin n'yo'y "sakdal," higit pa ito doon; "napakaganda," iyon—higit pa ito doon; "labis na kahanga-hanga,"...Wala—walang salitang alam ko na makapagpapahayag niyon, dahil iyon ay napaka...At pagkatapos, para isipin, hindi pa iyon ang hangganan niyon. Naisip ko, "Ako matatakot na magtungo sa ganito?"

25 Sabi ko, "Kumakain ba kayo?"

26 Sabi, "Hindi dito. Hindi tayo kumakain dito, subali't pagbalik natin sa lupa ay makatatanggap tayo ng katawan na makakakain tayo."

27 Buweno, nahahawakan ko sila. *Ganoon* lamang sila. Kita n'yo? At sila...sabi ko, "Buweno, meron kayong..." Oh, oo,

may katawan sila. Sadyang hindi kathang-isip, katawan iyon. Kilala namin ang isa't isa. Kilala nila akong lahat, niyayakap ako, milyun-milyon sa kanila.

²⁸ At sabi ko, "Buweno, gusto ko Siyang makita Na nagdala sa akin dito."

²⁹ Sabi Niyon, "Hindi mo Siya maaaring makita ngayon, kailangan mong maghintay."

³⁰ Sabi ko, "Bakit mo ako inilagay sa . . . dito sa itaas?"

³¹ Sabi, "Isa kang tagapanguna noon sa buhay."

³² At sabi ko, "Ibig Mong sabihin silang lahat ay mga Branham?"

³³ Sabi Niya, "Hindi! Iyan ang mga naakay mo kay Cristo." Kita n'yo?

³⁴ Nagpalinga-linga ako, at pagkatapos lahat ng mga nakakapagod na gabi, at ang mga pagsubok, ay nangapawi, noong nakikita ko na ang mga mukha nila. Isang kabataang babae ang tumakbo roon, isa sa mga pinakamagandang babae, at kaniya lamang niyakap ako, at ang sabi, "Mahal na Kapatid." At noong dumaan siya . . . Ngayon, isa siyang babae. Kaya't . . . Subali't doon, hindi na magkakaroon pa ng kasalanan. Kita n'yo, mababago ang mga glandula natin doon. Hindi na sila magkakaanak, doon. Kita n'yo? Kita n'yo, pare-pareho lahat.

³⁵ Ano ang ikinaiba, ang sensasyon. Iyan ang dahilan na hindi ako naniniwala sa pakikipagsayawan. Walang lalaki . . . ako, sa harap ng Dios at ng aking Biblia, namuhay akong malinis, sa ganoong paraan sa buong buhay ko noong ako'y binatilyo pa, sa buong pagbibinata ko. Sinumang dalagang nakasama kong lumabas, makakalakad ako doon mismo sa Paghatol kasama niya. Kita n'yo? Subali't walang lalaki, walang anuman sa akin kung sino ka pa, na hahayaan ang isang babae (sa pagiging babae) na iyakap ang sarili nito nang malapit sa iyo; kung tunay kang malusog na lalaki, mayroong sensasyon. Subali't wala iyon doon; walang mga glandula. Pare-pareho na kayo ng glandula. Kita n'yo? Sadyang puro, dalisay na pag-ibig ng magkakapatid na lalaki't babae, higit pa kaysa sa iyong . . . maging sa iyong . . . pagyakap sa sarili mong maliit na anak na babae. Kita n'yo? Ang sarili mong anak na babae, gayunman siya'y gawa . . . siya'y babae at lalaki ka. Kita n'yo, maaari itong makagawa ng isang bagay; subali't Doon ay hindi ito maaari, wala nang kasalanan, tapos nang lahat iyon. Kita n'yo? Tunay . . . sadyang tunay, na banal na Pag-ibig.

³⁶ At tiningnan ko ang babaeng iyon. Mayroong . . . tila ba milyun-milyon sa kanila doon, at lahat sila ay mahaba ang buhok, at puting damit pababa. At—at 'yung Isa na nakikipag-usap sa akin, sabi, "Hindi mo ba siya mamukhaan?"

³⁷ Sabi ko, "Hindi."

38 Sabi, “Nasa mga nobenta siya noong akayin mo siya kay Cristo.”

39 “Kahanga-hangang biyaya, anong lamyos ng tunog.” Kita n’yo? Sadyang walang paraan ng pagpapaliwanag kung ano iyon. Tanggapin n’yo lang ang sinasabi ko kung naniniwala kayo sa akin. Tiyaking gawin. . . sunugin ang lahat ng nasa likuran mo na nagtutulay sa iyo sa kamunduhan.

40 Naniniwala akong nag-uumpisa nang marinig ng iglesya ang Mensahe, at nagsisimula nang maunawaan. Subali’t, mga kaibigan, makinig, kailangan tayong mailadlad sa Presensiya ng Anak, kailangan nating mahinog. Ang ating—ang ating pananampalataya ay hindi pa hinog. Sa intelektuwal naririnig natin ang Mensahe na ibinigay ng Dios sa atin, at nakikita ang mga tanda na ipinakita Niya sa atin, at pinatutunayan iyon sa pamamagitan ng Biblia, naroon iyon, subali’t, oh, gaanong kinakailangang mailadlad ang iglesya sa Kaniyang Presensiya, hanggang sa lumambot ito, alam n’yo na, at maging matamis sa Espiritu upang maibabad ito. Minsan sa pagpapahayag ng Mensahe, ay nakakasakit ka, kailangang himayin mo nang ganun, dahil kailangan mong irimatse ang pako para kumapit ito. Subali’t sa oras na makuha Iyon ng Iglesya, ang mga Hinirang ay tatawagin na at ihihiwalay, pagkatapos sa Presensiya ng Dios, alam kong iyon ay bagay na kagaya ng mga tao roon kapagka Aagawin na ito.

41 Mangungusap sana ako ngayong umaga tungkol sa *Ang Pag-agaw*, subali’t sadyang wala akong sapat na boses para gawin iyon, at kaya pagtiyagaan n’yo lang ako saglit. Ang gusto kong ipangusap, ang paksa ng: *Ang Tanging Inilaan Ng Dios Na Dako Ng Pagsamba*.

42 Ngayon, ito’y isang malawak na teksto. Kaya’t manalanganin tayo ngayon. At sa mga lupain ngayong umaga, saan man kayo naroroon, iyukod ang inyong mga ulo sa ilang sandali lamang. Maging tunay na tapat ngayon, papadako na tayo sa Salita ng Dios, na Dios sa anyong titik.

43 Dakilang May-akda ng Aklat na ito, “Ito ay isang Binhi,” itinuro sa amin, “na inihasik ng isang manghahasik,” sinabi nga ng May-akda. Ngayon, napagtatanto po namin na tutubo ang isang binhi kung ito’y nasa tamang uri ng lupa. Kaya’t, Ama, maari po bang Iyong alisin sa umagang ito ang lahat ng mga tinik at dawag, at di-pananampalataya, at mga mapag-alinlangang kaisipan mula sa aming puso; upang malayang lumago ang Salita ng Dios, diniligan ng Espiritu sa aming mga puso, upang kami’y maging bayan ng Dios. Ipagkaloob ito, Ama. Iyon ang aming mga puso. Hindi lamang sa amin na nakakilala nito, kundi mayroon nawang iba sa buong bansa, ang puso ng bawa’t isa ay umaapoy sa pag-ibig at pagmamalasakit, na hahayo upang sikaping maakay pabalik

ang nawawalang kapatid na lalaki, ang nawawalang kapatid na babae. Ipagkaloob po ito sa araw na ito, Dios. Umaasa kami nang buong-buo sa Iyo, sapagka't Ikaw po ang aming patnubay at aming Panginoon. Kaya't dumadalangin kami na pangungunahan Mo po kami sa Iyong Salita ngayon, at ipagkaloob sa amin ang Iyong mga pagpapala. Sa Iyong biyaya at sa Iyong Pangalan aming hinihiling ito. Amen.

⁴⁴ Ngayon, talakayin natin para sa ating teksto . . . Gusto kong bumasa mula sa Aklat ng Deuteronomio, sa Lumang Tipan, para sa isang paghango lamang mula sa Kasulatan. May ilan akong mga tala na naisulat ko nang madalian matapos kong makabalik mula sa agahan kasama ni Kapatid na Vayle.

⁴⁵ Ni hindi ko man lang napasalamatan ang lalaking nasa hotel na iyon . . . 'yung restawran noong isang gabi, na nagbayad para sa aming—para sa aming hapunan. Ang maybahay ko at ako at ang maliit naming anak na babae ay naroon, at noong pumunta na ako para bayaran ang kuwenta ko, may nagbayad na pala nito. Sinuman iyon, pinasasalamatan kita. Sabi, “Yaong lalaki na nakaupo doon sa may dulo ng bangko.” Siyempre may isang buong grupo doon na kilala namin. Ngayon, ako . . . tila ba Kickapoo, parang ganoon, 'yung lugar banda rito, ang restawran na kinainan namin. Salamat sa iyo, sinuman iyon na gumawa niyon. Bawa't isa sa inyo, pagpalain kayo ng Dios.

⁴⁶ Ngayon, sa ika-16 na kabanata ng Deuteronomio, ito ang pagdiriwang ng paskuwa. Kaya nais nating bumasa ng ilang unang mga talata, unang apat o lima, anim na mga talata dito.

Magdidiwang ka sa buwan ng Abib, at ipangingilin ang paskuwa . . . (Ibig sabihin niyon “Abril.”) . . . sa PANGINOON mong Dios: sapagka't sa buwan ng Abib na ito inilabas ka ng PANGINOON mong Dios sa Egipto sa gabi.

At iyong ihahain ang paskuwa sa PANGINOON mong Dios, ang sa kawan at sa bakahan, sa dakong pipiliin ng PANGINOON na patatahanan sa kaniyang pangalan . . .

Huwag kang kakain sa loob nito ng tinapay na may lebadura; pitong araw na kakainin mo sa paskuwa ang tinapay na walang lebadura, ang tinapay—tinapay kung saan, . . . umalis kang madalian sa lupain ng Egipto: . . . iyong maalaala ang—ang araw nang umalis ka sa lupain ng Egipto sa lahat ng mga araw ng iyong buhay.

At pitong araw na walang . . . makikitang lebadura sa iyo sa lahat ng iyong mga hangganan; ni sa anomang karne, na iyong inihahain sa unang araw sa paglubog ng araw, ay walang maiiwan sa buong gabi hanggang sa umaga.

Hindi mo maihahain ang paskuwa sa loob ng alinman sa iyong mga pintuang-daan, na ibinigay sa iyo ng PANGINOON mong Dios:

Kundi sa dakong pinili ng PANGINOON mong Dios na patatahanan sa kaniyang pangalan, ay doon mo ihahain ang paskuwa sa pagtatakip-silim, sa paglubog ng araw, sa panahon nang ikaw ay umalis sa Egipto.

Ngayon idagdag nawa ng Panginoon ang Kaniyang mga pagpapala sa pagbasa ng Kaniyang Salita.

⁴⁷ Ngayon, 'yung mga mikropono ba ay malabo? Kagabi narining ko na malabo ang mga iyon. Naririnig n'yo ba nang maayos, sa lahat ng dako? Hindi n'yo marinig. [Iniaayos ni Kapatid na Branham ang mikropono—Pat.] Mas maayos na ba 'yan? Mas maayos ba ito, ang pagsasalita sa mikropono na nakababa nang paganito? Medyo namamaos lang ako, kaya nakatayo ako nang malapit ngayong umaga para sa layuning iyon, at umaasa ako na si Kapatid na Peary ay magagawa—ay magagawang ilabas ito doon. Naririnig n'yo na ba nang maayos ngayon? Sa palagay ko naiayos na nila iyon. Sige.

⁴⁸ Ngayon, ang da-... Ang bagay na nais kong ipangusap sa umagang ito ay na ang Dios ay may isa lamang na dako na maaaring makatagpo ng mananamba ang Dios, isang dako lamang. Sa mga nagdaang panahon marami ang naghanap para sa lihim na lugar na ito ng Dios, sa mga kapanahunan. Maging si Job ay nagnais na malaman kung saan Siya nakatira, “Kung makaparoroon lamang ako sa Kaniyang bahay at kumatok sa Kaniyang pintuan.” Ninais ni Job na matagpuan ang dakong pinananahanan ng Dios, 'pagka't doon ang Dios at ang Kaniyang pamilya ay magkasamang sinasamba.

⁴⁹ Kagaya kahapon, sa mensahe kahapon ng umaga, nalaman natin na may posibilidad na sambahin ng isang tao ang Dios sa walang kabuluhan, na tapat ang pagsamba. Inayos na ng Dios ang lahat ng mga bagay na ito para sa atin, subali't ang bagay lamang dito ay, kailangan nating maghanap upang masumpungan kung nasaan ang mga ito. Sinabihan ni Pablo si Timoteo na magsaliksik, at ang—ang maging nasa kapanahunan at di kapanahunan, handang magbigay ng isang—isang—isang salita o . . . tungkol sa pag-asa na nasa kaniya.

⁵⁰ Ngayon, lahat ng mga bagay na ito ay naroroon. At nasumpungan natin... Gusto kong magpunta minsan sa Shreveport kung saan mayroon lamang kaming dalawa o tatlong linggo para lang gumugol ng tatlung minuto bawa't gabi at sa pagtuturo lamang, kita n'yo, manatili lamang sa Salita, nitong mga lihim na daang ito, kita n'yo, kung saan malalaman natin sadyang kung paano makapasok. At masdan n'yo lang, sundan ninyo ang pangunguna ng Dios, may isang susi lamang sa bawa't pintuan. Tama iyon. At wala nang iba pang susi, kahit gaano

man nito kahawig iyon, walang yaring susi ang Dios na kakasya sa lahat; may isang susi lamang. At ngayon, kailangan ninyong taglayin ang susing iyon, o hindi mabubuksan ang pintuan. Kahit gaano ka pa katapat, hindi mo pa rin mabubuksan ang pintuang iyon.

⁵¹ Ngayon, ilan ang nandoon sa agahan kahapon, noong isang umaga? Buweno, sa tingin ko halos lahat, mga nasa siyamnapung porsiyento man lang sa inyo, o higit pa. Sa pagbabalik-tanaw dito, kung ano ang sasabihin ko, si David ay pinahirang hari (pinahiran ng Dios), ang pinakadakilang hari na nagkaroon ang Israel, labas sa Panginoong Jesus (na ang Dios) Na Pinahiran. Si David ay kaniyang anak. . . o si Jesus ay anak ni David sang-ayon sa salinlahi, sa laman. At Siya ay mauupo sa trono ni David bilang isang. . . magmamana, gaya ng—laging ang prinsipeng ang nagmamana sa—sa trono ng hari.

⁵² Pansinin, ngayon, na si David bilang pinahiran, ganoon pa man kahit na taglay ang pahid, lumabas siya sa kalooban ng Panginoon na taglay ang pahid na iyon; at lahat ng mga tao, hindi iniisip ang takbo ng Kasulatan o ang susi sa kapahayagang ito, lahat sila ay pinahiran din, silang lahat, sama-sama, sumisigaw at pinupuri ang Dios para sa isang bagay na mukha talagang tama: ang dalhin ang Salita ng Dios pabalik sa bahay ng Dios. Subali't si David ay hari, hindi propeta. Kita n'yo? Siya. . . May propeta sa lupain upang gawin ito sa pamamagitan niya, at hindi kinilala ng Dios ang buong pagkilos dahil hindi nila ginamit ang tamang susi. Hindi bumukas 'yung pinto. At ngayon dapat nating tandaan 'yan, at isaisip 'yan. Mayroong. . . Lahat ng sa Dios, isang tiyak na bagay na dapat na isagawa ito, at 'yon na iyon. Ngayon, doon, may isang Iglesya ang Dios kung saan kinakatagpo Niya ang mga tao, at tatanggapin ka Niya sa Iglesyang iyon at wala nang iba pang iglesya.

⁵³ Sinabi ko ito dahil maraming beses na akong hindi naunawaan, at sinabihan ako ng mga tao. . .

Sasabihin ko, “Cristiano ka ba?”

“Ako’y Baptist.”

“Cristiano ka ba?”

“Isa akong Methodist.”

“Cristiano ka ba?”

“Isa akong Pentecostal.”

⁵⁴ Ngayon, kita n'yo, walang anumang ibig sabihin iyon sa Dios. Sinusubuk-subukan mo lang ang maling susi. Subali't may tamang susi, may isa kung saan ang Dios. . . Hindi ipinangako sa inyo ng Dios na katatagpuin kayo sa Methodist, o sa Baptist, o sa mga Pentecostal, o wala nang iba pang denominasyon. Hindi man lang nga Niya ibinibilang ang mga denominasyon, laban sila sa Kaniya.

55 Sa mahabang Mensaheng iyon, tatalakayin ko na Iyon sa tabernakulo sa lalong madaling panahon. At pagkatapos maririnig Iyon ni Kapatid na Jack, at sa gayon makikita ninyo kung ano ang nais ninyong gawin tungkol Dito, 'pagka't Ito ay ite-teyp.

56 Ngayon, kumikilos ang mga tao na tila ba obligado ang Dios na katagpuin lamang sila ayon sa kanilang teolohiya. Ngayon, ganiyan ang kilos ng mga tao. Hindi sila makikisama maging sa isa't isa. Ayaw makisama ng Trinity o ng Pentecostal sa mga Oneness, maging ang Oneness ay hindi makikisama sa Trinity. Ayaw ng Methodist sa Baptist, dahil legalista ang isa at Calvinist ang isa, kaya wala man lang silang pagkakatipon. At labis nilang pinaikot ang isip ng mga tao na maging sila ay nagiging laban sa isa't isa.

57 Nagtungo ako para manalangin, kamakailan lang, sa isang silid ng ospital. May aleng nakahiga doon na malubha ang sakit, sasailalim sa isang operasyon, hinihintay na lang nila siyang mamatay. May isa pang ale na nakahiga doon (tinawagan ako para manalangin para sa kaniya.), sinabi ko sa kaniya, "Ayos lang po ba sa inyo sandali kung mananalangin ako?"

58 At sinabi niya, "Hilahin mo 'yang kurtina!"

59 At sabi ko, "Ipagpaumanhin po ninyo." Sabi ko, "Hihilingin ko lang po sanang makapanalangin."

60 Sabi niya, "Hilahin mo 'yang kurtina!"

61 Sabi ko, "Opo, ginang." Siya at ang anak niyang lalaki ay nakaupo roon, isang karaniwan na mukhang munting *Ricky*. At sabi ko, "Buweno, hindi po ba kayo Cristiano?"

62 Sabi niya, "Methodist kami."

63 Sabi, "Buweno, hindi ko po 'yun tinanong sa inyo, tinanong ko po kayo kung kayo ay 'Cristiano.'" Kita n'yo?

64 At kaya nga sabi niya, "Hilahin mo 'yang kurtina!"

65 Kita n'yo, dahil sa may isang hindi Methodist na mag-aalok ng panalangin para sa isang babaeng nag-aagaw-buhay, na siya rin naman. Subali't dahil hindi iyon kasama sa kaniyang sariling organisasyon, hindi man lang niya gustong marinig iyon o magkaroon ng anumang kinalaman doon. Kung hindi iyon isang Fariseo, wala pa akong nakitang isa!

66 Hintayin ninyong marinig *Ang Bakas Ng Serpiyente*. Huh. Buweno. Ngayon, iniisip ngayon na ang denominasyon lamang nila ang tanging kinikilala sa Dios: "Hindi ka diringgin ng Dios malibang Methodist ka, o isang Baptist, o isang—isang Trinity, o isang Oneness," o gaya niyan. Mali 'yan!

67 At 'yon ang layunin ko; subali't kung may isang—may isang matinding paghahangad sa kaisipan at puso ng mga tao na maging tama...Hindi ako naniniwalang ginawa iyon ng

babae dahil . . . o sinuman. Hindi titindig at papanig sa iglesyang Methodist ang isang Methodist dahil kaniyang—alam niyang mali iyon. Inisip ng tao na tama iyon. Hindi ako naniniwalang huhusgahan ng isang Trinity ang isang Oneness, o ng isang Oneness ang isang Trinity at Pentecostal, dahil gusto niyang maiba, inisip niyang tama siya. At dapat mong igalang ang kaniyang ideya. Alam n’yo, naiuunat ang kumot sa magkabilang panig. Subali’t, tandaan, sa lahat ng iyon, kung may bagay sa puso ng isang lalaki o puso ng isang babae na pinaniniwalaan nila na iyon ay “tama,” kung ganoon mayroon ngang tama sa kung saan man. Gaya ng madalas kong sinasabi, “Kapag ang kalaliman ay tumatawag sa kalaliman, may isang kalaliman na kailangang tumugon sa tawag na iyon.”

⁶⁸ Alam n’yo, tayo’y nasabihan na—na may isang seal dati na naglalakad sa pampang ng—ng dagat, na may mga paa. Nguni’t ngayon wala na siyang mga paa, naging mga payagpag na iyon dahil kaya niyang . . . nangailangan ng mga payagpag noong lumipat siya mula sa lupa, isang hayop na may balahibo, tungo sa dagat; ginawan siya ng kalikasan ng mga payagpag sa halip na mga paa, ‘pagka’t nakalalangoy siya nang higit sa paglalakad niya.

⁶⁹ Hindi ko maisip ang tanyag na lalaking ito ngayon na nagtungo sa timog polo. Ano’ng pangalan niya? Byrd. Sinasabi nilang nagpagawa siya ng mga balabal para sa ilang baka, sa paglalakbay na ito; na dinala niya ang mga baka para sa gatas. At gumawa siya ng mga balabal na yari sa balahibo para hindi mamatay sa lamig ‘yung mga baka. Subali’t noong makarating siya doon, hindi na nila kailangan ng anumang balabal na yari sa balahibo, pinalabas iyon ng kalikasan sa mga baka. Kita n’yo? Bakit? Bago pa nagkaroon ng palikpik sa likod ng isda, mayroon nang tubig para paglanguyan niya kung hindi ay di sana siya nagkaroon ng palikpik. Mayroon . . . Bago magkaroon ng puno na tutubo sa lupa, kinailangan munang magkaroon ng lupa para pagtubuan nito, kung hindi ay wala sanang puno.

⁷⁰ Kaya, nakita n’yo, hangga’t may bagay na nasa puso ng tao na naghahangad para sa isang bagay, tiyak na mayroon ngang bagay sa kung saan man diyan sa labas para tumugon, para mabigyang-kasiyahan ang tawag na iyon.

⁷¹ Isang babae . . . Isang autopsiya ang isinagawa rito sa isang babaeng namatay di pa kalaunan. At ang dahilan, kanilang—ipinapahayag nila, ang pumatay sa kaniya, panay ang pagkain niya ng sibuyas, lagi-lagi. Kapag hindi siya kumakain ng mga sibuyas, mangangati ang ulo niya, at lahat na; hindi nila iyon maipaliwanag. Kaya’t sa pagsasagawa ng autopsiya, may nakita silang isang tubo ng bukol sa babae na isang uri ng mga selula; mayroon silang isang—isang katawagan dito. At magagawa nilang kunin ‘yung tubong bukol na iyon at ilagay iyon sa isang mangkok ng mga sibuyas, at nilusaw niyon ang mga sibuyas

sa magdamag. Kita n'yo? Ano iyon? Isang bagay iyon sa babae na nangangailangan ng sibuyas, at kung walang sibuyas, wala sanang tubo ng bukol.

⁷² Sa ibang salita, kailangang may Manlilikha muna, bago magkaroon ng nilikha. Kita n'yo?

⁷³ Ngayon, kung may pagnanasa sa puso ng tao, kagaya ng Methodist, Baptist, Presbyterian, Katoliko, lahat ng iba pang ito, na sinisikap na hanapin yaong nag-iisang tunay na daan, at sinabihan sila ng kanilang mga pari at mga pastor, at iba pa, na "Ito ang tunay na daan." Sinasabi nila, sinasabi ng pari, "Walang kaligtasang labas sa iglesyang Katoliko."

⁷⁴ Buweno, kinukuha ng bawa't iglesya ang kaniyang... kanilang sariling kaisipan. Hindi iyon aaminin ng iba sa kanila, subali't ginagawa nila iyon sa ikinikilos nila. Mas malakas magsalita ang kilos mo kaysa sa iyong salita. Isa lamang itong... Kundi, mas mapagpaimbabaw pa sila kaysa sa Katoliko. Tahasang ipinapahayag ito ng Katoliko, "Naniniwala akong ito lamang ang tanging bagay," subali't hindi nila gagawin ang ganoon. Itinatago nila ito, nguni't pinatutunayan ng mga ikinikilos nila kung ano ang iniisip nila. Kita n'yo?

⁷⁵ Ngayon, tiyak na mayroon ngang isang dako kung ganoon, dahil may pagnanasa sa puso ng tao na masumpungan Ito. At sa palagay ko nasa Salita ng Dios ang sagot sa lahat ng bagay na kailangan natin. Kaya nasa Dios ang sagot, at saliksikin natin ngayon ito sa Mga Kasulatan. At pagkatapos kung ipapakita sa atin ng Dios sa pamamagitan ng Mga Kasulatan ang nag-iisang dako, ang nag-iisang lugar, (ang nag-iisang denominasyon, kung ganoon nga), ang nag-iisang daan na katatagpuin ng Dios ang isang tao, kung ganoon dapat manghawakan tayo doon 'pagka't nasumpungan natin ang Katotohanan ng Biblia, kung ano ang sinasabi Nito.

⁷⁶ Ngayon, ang salitang *Deuteronomio*, ang naturang salita mismo ay nangangahulugang "dalawang batas," ang salitang *Deuteronomio*. At ang Dios ay may dalawang batas. Ang dalawang batas: ang isa sa mga iyon ay ang paglabag sa Salita, at mamatay; at ang isa naman ay ang pagsunod sa Salita, at mabuhay. Iyan ang dalawang batas, at ang kahulugan ng *Deuteronomio* ay ang dalawang batas na iyon. Kapuwa ganap na ganap na naipakita ang mga iyon sa atin sa Kasulatan. Kamatayan ang isa sa mga iyon, ang isa ay Buhay; Buhay at kamatayan. Nakikipag-ugnay lamang ang Dios sa Buhay, si Satanas ay sa kamatayan lamang. At ang mga ito ay naipakita sa sanlibutan nang hayagan, lantaran sa harap ng bawa't mata, at wala tayong maidadahilan. Ang isa sa mga iyon ay, ipinakita sa Bundok ng Sinai noong ibinigay ang kautusan, na humatol sa buong lahi ng tao tungo sa kamatayan; ang isa naman ay ibinigay sa Bundok ng Kalbaryo, na nagdala ng Buhay sa buong lahi ng

tao, noong binayaran ni Jesus Cristo ang kaparusahan. Natupad ang dalawang batas ng Deuteronomio dito sa dalawang, mga dakilang bagay.

⁷⁷ Nais kong pansinin ninyong muli, may dalawa ring tipan na ibinigay. Ibinigay kay Adan ang isang tipan, na may mga kondisyon, kagaya ng batas: “*Kung* hindi mo ito hihipuin, kung ganoon mabubuhay ka; subali’t *kung* hihipuin mo ito, mamamatay ka.” Batas ’yon. Pagkatapos may isa pang batas na ibinigay kay Abraham, na iyon ay sa pamamagitan ng biyaya, na walang kondisyon: “Aking iniligtas ka at ang iyong binhi na susunod sa iyo.” Amen! Iyon ay isang tipo ng Kalbaryo, hindi tipo ng—ng—ng tipan kay Adan, tipan kay Abraham iyon.

⁷⁸ Subali’t ngayon narinig nating sinabi Niya na may isang dako lamang kung saan katatagpunin Niya ang tao upang manambahan. Nabasa natin ito dito mismo sa teksto. Tutukuyin natin ito, muli, sa loob ng ilang minuto.

⁷⁹ Kung ganoon kung may iisang dako lamang na kinakatagpo ng Dios ang tao, dapat tayong lubos na mag-ingat. Ngayon isantabi natin ang mga tradisyon natin ngayong umaga, at... sa araling ito na pang-Sunday school, at tiyaking mabuti na masumpungan natin ang isang dakong iyon. Sapagka’t, sinabi ng Dios dito, hindi ka Niya tatanggapin sa iba pang dako. Alin mang iba pang iglesya, hindi ka Niya tatanggapin. Sa Kaniyang Iglesya lamang, ang tanging lugar na tatanggapin ka Niya.

⁸⁰ Ngayon, “Ano’ng sabi mo, Kapatid na Branham? Kung matapat ako?” Hindi.

⁸¹ Alalahanin, nakipag-usap si Jesus sa ilang tapat na tao, ang mga mananamba noong Kaniyang panahon, at sinabi Niya, “Walang kabuluhan ang pagsamba ninyo sa Akin.” Totoong, tunay na pagsamba mula sa kaibuturan ng kanilang mga puso. “Walang kabuluhan ang pagsamba ninyo sa Akin, na nagtuturo ng inyong pinakaaral na mga utos ng tao,” o ang pang-denominasyon nilang kredo. Matapat, magalang, sadyang napakarelihiyoso. At hindi ’yan bago sa mga Fariseo lamang. Sina Cain at Abel, ang nang dalawang mananamba na isinilang, natural na kapanganakan dito, sa mundo, ay ganap na dumating din sa ganiyang pag-uugali.

⁸² Si Cain ay kasing relihiyoso ni Abel. Kapuwa sila nagtayo ng mga dambana. Kapuwa nila mahal ang Dios. Pareho silang naghain. Pareho silang sumamba. Nagbigay sila kapuwa ng kanilang ikapu. Ginawa nila ang lahat nang magkatulad na magkatulad. Subali’t si Abel, sa pamamagitan ng *pananampalataya* na “ang kapahayagan,” ang Salita ng Dios na nahayag, ginawang malinaw, ipinakita, at pinagtibay. Luwalhati! Naghandog si Cain, nguni’t hindi iyon pinagtibay ng Dios. Ang gusto ng Dios ay pagsamba, at naghandog si Cain,

subali't hindi iyon pinagtibay ng Dios. Subali't sa pamamagitan ng tamang daluyan. . .

⁸³ Sasabihin mo, “Buweno, ang iglesya ko Iyon. Ang aking. . .”

⁸⁴ Hintay lamang sandali. Ipinaliliwanag ng Dios ang Kaniyang Sariling Salita batay sa kondisyon Nito na sinabi Niya. Kita n'yo, sinabi ni Cain, “Relihiyoso ako. Ako ay nagmamahal sa aking Manlilikha. Inihahandog ko sa Iyo itong magandang altar. Inihahandog ko sa Iyo ang haing ito. Itinayo ko ang lahat ng mga bagay na ito, Panginoon, dahil sa mahal Kita.” Ganoon din ang sabi ni Abel. Ngayon ito ang siyang pinagtibay, ang siyang pinatunayan. At bumaba ang Dios at tinanggap ang hain ni Abel, sapagka't sa pamamagitan ng kapahayagan ay natuntun niya ang tamang daluyan ng Dios na katanggap-tanggap.

⁸⁵ Ngayon masdan n'yo 'yang espiritu ni Cain na nanatiling nagpapatuloy sa Mga Kasulatan, hanggang sa pinaka huling araw na ito. Pundamental? Sadyang kasing pundamental niyaong isa pa.

⁸⁶ Tingnan n'yo ang propetang si Balaam at ang propetang si Moises. Kapuwa sila may pitong dambana, mga dambana ni Jehovah, may dugo ang bawa't isa; at hindi lamang iyon, kundi mga lalaking tupa sa isa't isa. Sa numerolohiya, ganap na tamang bilang, *pito*, “sakdal,” pitong lalaking tupa. Sadyang magkatulad na magkatulad, kapuwa ang mga dambana. Kasing pundamental ng kung ano 'yung isa, gayundin 'yung isa. Subali't sino ang pinagtibay ng Dios? Kita n'yo? Kita n'yo? Yaong isa na nasa Kaniyang Salita. Hindi ibinibilang gaano ang pagiging pundamental; ang kapahayagan ng Dios iyon.

⁸⁷ Ngayon isipin! Ang mga taong ito, bakit sila tinawag at nalagay sa kalalagayang ito (itong mga Fariseo) ni Jesus, sabi, “Walang kabuluhan ang pagsamba ninyo sa Akin”? Sinasamba Siya: dalisay na pagsamba, tunay na pagsamba mula sa kanilang mga puso. “Kayo. . . Walang kabuluhan ang pagsamba ninyo sa Akin.” Bakit? “Itinuturo bilang aral ang inyong tradisyon ng tao, kaya't niwawalan ninyo ng kabuluhan ang mga utos ng Dios sa mga tao.”

⁸⁸ Kung tinuruan ko kayo ng Mensahe ng Methodist, magiging walang kabuluhan iyon sa inyo, panahon na ito ng Nobya. Kung itinuro ni Moises ang mensahe ni Noe, magiging walang kabuluhan iyon. Kung itinuro ni Jesus ang mensahe ni Moises, magiging walang kabuluhan iyon. Dahil nakahimlay doon ang itinalagang binhi na madidiligan lamang ng uri ng tubig na ibinigay para sa binhing iyon. Kita n'yo? Hindi iyon tutubo sa iba pang kalalagayan. Kinakailangang iyon ang kalalagayan na magpapatubo dito.

⁸⁹ Ngayon, maaari n'yong kunin ang isang itlog ng manok at ilagay iyon sa pisaan ng itlog, na dapat sana'y sa lilim ng manok,

subali't mapipisa naman iyon kahit papaano. Ilagay mo iyon sa ilalim ng tuta ay mapipisa iyon. Iyon ang init, ang kalalagayan na magpapapisa nito. Kaya't dapat sumailalim ito sa kondisyon. Maaari kang kumuha ng buhay na itlog at ilagay iyon sa ilalim ng patay na manok, hindi iyon mapipisa. Kita n'yo? Kita n'yo, 'yung kalalagayan iyon.

⁹⁰ Buweno, ganoon iyon sa panahong ito na kinabubuhayan natin, kailangan mong makita kung ano ang paraan ng Dios sa paggawa nito para sa panahong ito. Iyon ang nasumpungan ni Martin Luther, iyon ang nasumpungan ni John Wesley, iyon ang nasumpungan ng mga Pentecostal sa kanilang kapanahunan. Ang panahon at oras ng Dios para gawin iyon.

⁹¹ Ngayon, ang mga Pentecostal. 'Yung kapatid na iyon, isa...sa palagay ko ang kaniyang...isa sa mga mata niya ay bulag, isang itim na kapatid na totoong nagpasimula ng mensaheng Pentecostal sa California, sa matandang Kalye Azusa. Pinagtawanan siya, dahil isa siyang negro. Ginawa siyang katatawanan, subali't nagdala siya ng mensahe para sa kapanahunang iyon. Payat lang ang katawan, isang taong halos hindi maisulat ang kaniyang sariling pangalan, subali't ipinahayag sa kaniya ng Panginoon na ito ang kapanahunan para sa pagpapanauli ng mga kaloob na iyon, at dumating ang mga iyon. Kahit na ano pa *ang* sinabi, dumating iyon. Subali't ang bawa't isa ay napasa kalalagayan nito, at nakita na ito ang kapanahunang iyon, at nakita ang Dios na pinatotohanang nakapagsasalita sa iba't ibang wika ang mga taong iyon, at iba pa, nangyari iyon. Subali't pagkatapos noong pumaroon siya at ipinagdiinan ito na "ito ang tanging katunayan," iyon ang pumatay rito. Kita n'yo? Nagpapatuloy, kita n'yo. Iyon ang tumapos niyon. Pagkatapos nagsimula silang ihimalay *ito, iyon*, at gumagawa ng mga denominasyon; at ang isa ay paparating sa isang ulap, at ang isa naman ay paparating sa isang palumpog. At oh, naku, hayun na iyon.

⁹² Ganiyan ang ginagawa ng mga denominasyon. Kita n'yo? Ang Dios ay hindi ang may-akda ng denominasyon, dahil sa ang denominasyon ay Babilonia, at hindi Siya ang may-akda ng kalituhan. Nakikita natin ang kaniyang lahat... Ni hindi mo kailangang maging isang matalino para makita 'yan. Iyan ang Babilonia! Kita n'yo? Tradisyon (isipin n'yo), mga taong tapat. Ngayon, gayun pa man, dahil naniniwala sila doon, kailangan pa rin ng isang tunay na dako kung saan nakikipagtagpo ang Dios.

⁹³ Ngayon pansinin ang talata 2. "Sumamba sa dakong pinili Ko." Ang hain, siyempre, kung saan sila sumasamba sa ibabaw ng hain. "Ang dakong pinili Ko; hindi kung ano ang pinili ninyo, kung ano ang pinili ng tao. Kundi kung ano ang pinili Ko, sumamba kayo sa dakong ito." Ipinakikita niyon kung ganoon na may iisa lang na dako, ang iba'y walang kabuluhan. Kailangang

hindi ito ang pagpili *mo*, kundi kailangang ito ay ang Kaniyang pagpili.

⁹⁴ “Buweno, hindi ko kailangang magtungo sa bahay-sambahan.” O, “Napakakitid ng isip mo! Aba, makikipagtalo ka pa nga sa mga babae tungkol sa pangangaral, at . . . o mga babae tungkol sa pagpuputol ng kanilang buhok, at mga kalalakihan tungkol sa iba pang mga bagay na ito. Aba’y, napakakitid ng pag-iisip mo!”

⁹⁵ Buweno, hindi mo kailangang sundin ang sinabi ng Dios tungkol dito, pumunta ka doon kung saan, ginagawa nila ang ganoon. Kita n’yo? At masusumpungan ninyong naroon ito sa Kasulatan, kaya, “Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin.” Ganoon din ang sinabi ni Jesus. Kita n’yo?

⁹⁶ Na sa bawa’t kudlit, lahat na, dapat kang maging matapat. Lagi nang ’yung maliit—’yung maliit na punong baging, ang maliit—ang maliit na lobo ang sumisira sa punong baging. Kung minsan iniwan mo . . . Hindi ’yung mga malalaking bagay na ginagawa mo, kundi ’yung mga maliliit na bagay na hindi mo ginawa. Tandaan, ang pinaka tibay lamang ng tanikala ay sa pinakamahinang dugtungan nito. “Mapapalad ang mga tumutupad ng *lahat* ng mga utos ng Dios, upang sila’y magkaroon ng karapatang makapasok.” Gawin *ang* lahat ng sinabi ng Dios, at sinabi Nito na magpahaba ng buhok ang mga babae.

⁹⁷ Sinasabi mo . . . Sinabi sa akin ng isang lalaki di pa kalaunan, sabi, “Hindi ako nangangaral ng relihiyon na nakabatay sa kasuotan.”

⁹⁸ Sabi ko, “Kung ganoon hindi mo ipinangangaral ang Ebanghelyo.” Siyanga.

⁹⁹ Ibinalangkas ’yon ng Dios doon, sinabi Niya kung ano’ng gagawin. At gagawin mo ito alinman . . . Iyan ang iyong likas, na makatuwirang bagay. Kung ano’ng munting bagay . . . kung ano . . . ang maliliit na hindi gaanong pinahahalagahan. Sinabi ni Jesus, “Mapapalad ang mga magpapahalaga sa lahat ng munting bagay, gagawin ang mumunting mga bagay.” At ang isang babae na magpapahaba ng kaniyang buhok, iyan lamang ay isang . . . aba, bagay lang ito na magagawa *niya*, at hindi man lamang niya gawin iyon. Hindi man lamang niya gagawin ang ganoon.

¹⁰⁰ “Oh, ituro mo sa amin ang mga dakilang bagay.”

¹⁰¹ Paano mo ituturo ang mga dakilang bagay, kung ayaw ninyong gawin ang simple, na pangkaraniwang bagay? Dahil, nakita n’yo, ang motibo ninyo at layunin ninyo ay mali.

¹⁰² Iyon ang pag-ibig mo sa Dios, “Panginoon, walang anuman sa akin kung ano ang nais Mong gawin ko, nakahanda po akong gawin ito.” Kung ganoon may pinatutunguhan ka na, subali’t

kung hindi mo iyon ginagawa nang ganoon, sa paraang sinabi Niyang gawin mo. . .

¹⁰³ Pagpili Niya iyon, “Ang dakong pinili Ko.” Doon ka sumasamba sampu ng iyong hain.

¹⁰⁴ Ilagay mo. . .Dinala ni Cain ang kaniyang hain, dinala ni Abel ang sa kaniya, nakasalalay ’yun sa kung anong dako mo iyon dadalhin. Kung dadalhin mo iyon sa dakong pinili Niya, magiging mabuti iyon, tatanggapin Niya iyon; kung hindi, hindi Niya iyon tatanggapin. Walang anuman. . .pareho din naman ang hain, anuman iyon, iyon pa rin ay hin-. . .tinanggihan, malibang dalhin iyon doon sa isang tiyak na lugar.

¹⁰⁵ Ngayon gusto nating malaman kung saan natin gustong dalhin ang hain na ito. Maaari nating malaman. . .Gusto nating lahat na makapunta sa Langit. Hindi ba? At alam nating lahat na nakagawa tayo ng mali. Naniniwala tayong lahat na si Jesus ang Hain. Ngayon gusto nating malaman kung saan natin Siya dadalhin, iyon ay—iyon ay tatanggapin. Kita n’yo? Tama ’yan. Sinasabi sa atin ng Biblia kung saan iyon dadalhin, kita n’yo, at tatanggapin ’yon; maliban doon, hindi iyon tatanggapin.

¹⁰⁶ Pansinin din natin dito ang dako na pinili Niyang paglatagan sa hain, ang dakong pinili Niya para paglagyan ng hain. Hindi n’yo ito puwedeng ilagay sa alinman sa mga pintuang ito; kundi doon sa dakong pinili Niya na paglagyan nito, inilagay rin Niya ang Kaniyang Pangalan sa dakong iyon. Iyon ang sinabi Niya rito. Pinili Niyang ilagay ang Kaniyang Pangalan dito. Ngayon saliksikin natin ang Mga Kasulatan para sa dakong ito, dahil iyon ang dakong pinaglagyan Niya ng Kaniyang Pangalan.

¹⁰⁷ Ngayon basahin natin mula sa teksto. At may maliit akong tala na nakalapag dito na aking. . .ngayong umaga, dumating sa akin. Kunin natin ang ika-2 talata ng kabanatang ito. Ngayon, ayaw kong magtagal, dahil sa mga tao, sa mga nakakonekta rito. Ngayon ang ika-2 talata nitong ika-16 na kabanata:

At iyong ihahain ang paskuwa sa PANGINOON mong Dios, ang iyong mga kawan at iyong bakahan, sa dakong pipiliin ng PANGINOON na paglalagyan sa kaniyang pangalan.

¹⁰⁸ Ngayon, hindi ninyo madadala ito. . .ang inyong katapatan at lahat ng gusto ninyong ipagtapat, sadyang hindi n’yo iyon madadala sa altar ng Methodist, sa altar ng Baptist, sa altar ng Pentecostal, subali’t may isang altar sa kung saan na pinili Niya na Kaniyang. . .para ilagay ang Kaniyang Pangalan doon, at katatagpuin ka Niya sa dakong iyon. Ngayon, kung magawa mong patakbuhan ang lahat nang tamang-tama, tatakbo iyon; lahat ay nakaayos. Kung may sirang koneksiyon diyan sa kable, hindi bubukas ang ilaw na iyon; dahil iyon ay naka-ground. At kapag kukunin mo ang isa sa mga Salita ng Dios o isa sa Kaniyang mga dako, at may makasariling layunin sa sarili mong

puso, iga-ground nito ang kapangyarihan ng Dios mismo doon. Kung ginagawa mo iyon dahil sa gusto mong maging matalino, gusto mong maiba sa iba pa, o isang bagay, doon mismo iyon ay naka-ground na, papuputukin niyon ang piyus. Mali ka. Kailangan mong dumulog nang may katapatan, nang buong puso mo. Ang mga motibo mo at mga layunin mo, ilagay mismo sa Dios. Pagkatapos hanapin mo ang *Kaniyang* dako, hanapin kung saan Niya sinabi, at dalhin iyon doon. Kita n'yo?

¹⁰⁹ Tingnan n'yo sina Marta at Maria. Noong bumalik si Jesus, matapos Niyang ituro sa kanila ang Ebanghelyong ito (ang Liwanag ng Kaniyang kaarawan, Siya na bilang Mesiyas), kinamuhian Siya, tinanggihan. Oh, hinahamak Siya ng mga Fariseo at mga iglesya. Subali't namatay si Lazaro, ang kapatid na matalik Niyang kaibigan. Hinayaan Niya siyang mahimlay roon; at nagsugo sila sa Kaniya, hindi man lang Siya dumating.

¹¹⁰ Subali't tingnan n'yo si Marta, ang pag-uugali niya. Sabi niya, "Panginoon, kung Ikaw lamang sana'y narito." Ibinigay sa Kaniya ang tamang titulo Niya: Panginoon, malaking titik na P-a-n-g-i-n-o-o-n, *Yahweh*, Jehovah. Luwalhati! "Kung Ikaw lamang sana'y narito, disin ang kapatid ko ay hindi namatay." Hindi puwedeng magsama ang buhay at kamatayan sa iisang daanan, o iisang bahay. "Ikaw ay . . . Hindi sana siya namatay."

¹¹¹ Sinabi sa kaniya ni Jesus, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay," sabi ng Dios. Kita n'yo? Noong sinabi Niya, muna, "Mabubuhay muli ang kapatid mo."

¹¹² Sabi niya, "Opo, Panginoon, tunay na pinaniniwalaan ko iyan. Bilang babaeng Hudyo, naniniwala ako na magkakaroon ng isang pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay; at naniniwala akong ang kapatid ko ay napakatapat at sinsero sa pagsamba. At naniniwala akong Ikaw ang Mesiyas na iyon, na sinabi sa Biblia, sapagka't ang pagpapatibay ng Dios sa Kaniyang Salita sa Iyo ay nagpapakita na Ikaw ang mensahero ng oras na ito. Ikaw ang Mesiyas na iyon. Naniniwala akong Ikaw ang Cristong iyon na darating, dahil ang mga gawa Mo ang nagpapatunay na isinugo Ka ng Dios dito upang maging ang Mesiyas na iyon." Oh, naku! Masdan ninyo ang pagkakalapat-lapat niyon sa puwesto ngayon. Kita n'yo?

¹¹³ Ngayon, may karapatan siyang sabihin, "Bakit hindi Ka dumating para buhayang muli ang kapatid ko? Bakit hindi Mo siya pinagaling? Pinagaling Mo ang iba. Ang sarili Mong matalik na kaibigan, at ngayon tingnan Mo ang nangyari." Hindi, hindi, ang ganoong uri ng layunin ay walang patutunguhan.

¹¹⁴ "Naniniwala akong Ikaw ngang talaga kung ano ang pakilala ng Kasulatan tungkol sa Iyo. Naniniwala akong ito ang araw na darating nga ang Mesiyas; noon pa namin hinihintay iyon. Walang anuman sa akin kahit ano ang sinasabi ng iba pa sa kanila. Sumasampalataya ako nang buong puso ko, batay sa

nakita ko at narinig sa Salita, na ang Salita ay pinagtibay sa Iyo, na Ikaw ang Mesiyas na iyon.” Kita n’yo, sa kaloob-looban niya, siya—may bagay siyang hihilingin, subali’t dapat siyang dumaan sa tamang daluyan.

115 Ano kaya kung tumakbo siya roon at nagsabi, “At pagkatapos sasabihin Mo sa akin na Ikaw ang Mesiyas na iyon! At hindi man lamang nagpaunlak, maginoo para man lang tugunin ang kahilingan namin; gayong pinakain Ka namin at pinapasok Ka sa aming tahanan, at lahat na, at nanindigan para sa Iyo, at iniwan ang mga iglesya namin, kung paanong iniutos Mo sa amin na lumabas sa mga denominasyong iyan.” Kita n’yo? “At heto iniwan namin ito, at ngayon ibinilang na kaming mga itinakwil at mga taksil. At lahat ng ginawa namin para sa Iyo, at pagkatapos wala man lang pagpapaunlak na sagutin ang pagtawag ko?” Ngayon, sa katunayan, may ganoon siyang karapatan.

116 Katulad ng sinasabi mo tungkol sa maiksi mong buhok, “Mamamayan ako ng America. Puwede akong magsuot ng shorts, gawin lahat ng naisin ko, hindi labag sa batas.” Mga karapatan mo ’yan, subali’t laging isinusuko ng tupa ang mga karapatan nito. Uh-huh. Kung kordero ka, wala ka nang iba pa mang bagay kundi balahibo ng tupa, isinusuko niya ’yon. Iyon ang karapatang ibinigay ng Dios sa kaniya, nguni’t isinusuko niya iyon.

117 “May karapatan akong umanib sa alinmang denominasyon.” Talagang tama ’yan, subali’t isinusuko mo iyan. Kita n’yo?

118 Isinuko niyang lahat na mayroon siyang karapatan, para kilalanin ang Salita ng Dios na nahayag mismo doon sa harapan niya.

119 Sinabi Niya, “Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay. Ang sumasampalataya sa Akin, bagama’t siya’y mamatay, gayunma’y mabubuhay siya. Sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay magpakailanman. Sinasampalatayanan mo baga ito?” Kita n’yo, may isa pang maikling sugnay na hindi pa niya naabot. Kita n’yo?

120 “Opo, Panginoon! Sumasampalataya ako na Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Dios!” O kapatid, lahat ay nakahanda nang sumiklab noon mismo. Kita n’yo?

121 “Saan ninyo siya inilibing?” Kita n’yo? At alam n’yo na ang nangyari.

122 Kita n’yo, kailangan ninyong makapasok sa tamang dakong iyon bago Niya tanggapin ang hain ninyo. Kita n’yo, kailangang makapasok doon. Masdan.

. . . sa dakong pipiliin ng PANGINOON na patatahanan sa kaniyang pangalan.

Huwag kang kakain sa loob nito ng tinapay na may lebadura; . . .

123 Ano'ng itinitipo niyon sa hain? Huwag itong ihalo sa anumang kredo, dapat ang Salita lamang. "*Walang tinapay na may lebadura.*" Ang lebadura ay ang . . . Alam n'yo kung ano ang lebadura sa anumang bagay. "Ang kaunting lebadura ay nagpapakumbo sa buong limpak," ang buong limpak ay ang Katawan. Hindi kayo maaaring maglagay ni katiting man lang na denominasyon o kredo kay Cristo. Hindi, po, hindi 'yun uubra.

124 Naaalala n'yo ba 'yung mensahe noong nakaraang Huwebes ng gabi? Dapat na patay na ang dati ninyong asawang lalaki. Tama. Ang bago ninyong Asawa ay ang Salita.

. . . pitong araw na kakanin mo sa paskuwa ang tinapay na walang lebadura, . . .

125 "*Pitong araw,*" anong itinitipo niyan? Ang kumpletong Pitong Kapanahunan ng Iglesya, pitong araw. Bakit nila kailangang kainin iyon sa loob ng pitong araw? Bago ano? Bago lumabas. At ang buong kapanahunan ng iglesya, mula sa pasimula hanggang sa wakas, ay kailangang mabuhay sa Salita lamang ng Dios ng kapanahunang iyon. Kaya ang Romanong kredo ninyo, Methodist, Baptist, at Pentecostal na mga kredo ay patay nang lahat.

126 Ngayon masdan.

. . . sa loob, ang tinapay ng pagkapighati; . . .

Inusig dahil Dito; si Luther, si Wesley, ang mga Pentecostal; inusig lahat, at maging kayo din.

Sapagka't palabas kang madalian sa lupain ng Egipto: . . . iyong mapanatili ang araw na . . . maalaala ang araw na umalis ka sa lupain ng Egipto sa lahat ng mga araw ng iyong buhay.

At pitong araw na walang makikitang lebadura sa . . . iyo sa lahat ng iyong mga hangganan; . . .

127 Sa magandang Nobya ni Cristo, pagkatapos ng Kaniyang kamatayan sa mga Panahon ng Kadiliman sa pamamagitan ng imperyong Romano, na kinailangan Niyang mamatay, "Malibang ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa." Kinailangan ngang dumating ng Kasintahang Lalaki, ang sakdal na Obra-maestra ng Dios. Narinig ninyong lahat ang mensahe ko tungkol doon.

128 At tumayo ako doon, Los Angeles, sa Forest Lawn, isang araw, at lumukso ang puso ko. Ilan na ang nakapunta sa Forest Lawn? May isang . . . ang estatwa ni Moises na gawa ni—na gawa ni . . .-angelo, sa palagay ko ay si Michelangelo. At iyon ay isang perpektong estatwa, lahat maliban sa kanang tuhod; may pingas na mga kalahating pulgada ang lalim. At 'yung

giya. . . nakatingin ako, at itinuro niya iyon sa akin. Sabi niya, “Ginugol ni Michelangelo ang buong buhay niya sa pagsisikap na—na makagawa. . . Isa siyang iskultor, at sinisikap niyang gawin ang imahen ni Moises. Doon sa kaisipan niya, naroon sa isip niya kung ano dapat ang itsura ni Moises. Taglay niya iyon sa puso niya, kung ano dapat ang itsura ni Moises. At pagkatapos ginugol niya ang buong buhay niya; papaitin nang kaunti rito, at kikiskisin ito, lalayo at titingnan iyon. Sa paglipas ng bawa’t taon, ay trinabaho niya iyon. Sa wakas noong tapos na iyon, at umurong siya at inilapag ang kaniyang basahan at martilyo niya, tiningnan niya ang estatwa. Napakaperpekto niyon na imahen ni Moises na nasa kaniyang puso, hanggang sa napukaw siya sa kaniyang sarili, dinampot niya ang martilyo at pinukpok iyon, sumigaw ng, ‘Magsalita ka!’” Tinawag iyon na *Obra-maestra ni Michelangelo*. Ang dakilang bagay na iyon sa iskultor na iyon, ang pangitain niya kung ano ang dapat na taglay ni Moises, ay nagpapakita lamang sa tipo ng dakilang Amang Dios.

¹²⁹ Taglay Niya sa Kaniyang puso, bago pa man naitatag ang sanlibutan, ang isang Anak na Lalaki, dahil isa Siyang Ama. Subali’t naroon pa rin iyon sa mga binhi ng Kaniyang Salita. At lumikha Siya ng tao, at binigyan Niya siya ng malayang pagpili, subali’t nahulog ang taong iyon. Subali’t ang dakilang Iskultor, ang Dios, na lumikha sa tao mula sa alabok ng lupa, hindi Siya tumigil doon, pinasimulan Niya muling likhain ang tao. At gumawa Siya ng isang Noe, ito’y namatay na lasing. Gumawa Siya ng isang Moises na nabigong sumunod sa Kaniyang Salita. Gumawa Siya ng mga propeta na tumakbo sa panahon ng kaguluhan. At nagpatuloy Siyang magtayo at maghubog hanggang sa di-naglaon nagnasa Siya ng isang—isang obra-maestra, upang ilarawan Siya, ang katangian Niya, ang nasa Kaniyang puso kung ano dapat ang isang anak.

¹³⁰ Isang araw, sa baba ng Jordan, matapos na maanyuan ang Obra-maestrang iyon at magawa, doon Siya’y pumaibaba sa isang. . . sa pakpak ng isang Kalapati, sabi, “Ito Siya!” Natuwa Siyang labis sa Obra-maestrang ito hanggang sa sinaktan Niya Siya sa Kalbaryo, upang Siya ay mamatay, dahil sa tayong lahat ay hindi sakdal; upang sa pagpapatulo ng Kaniyang Dugo, ay makapagdala Siya ng maraming obra-maestra (bilang ang Nobya) sa Kaniyang Anak. Nasugatan ang Obra-maestra dahil sa kagalakan ng Dios na makakita ng gayong Obra-maestra, sinaktan niya Siya para sa ating lahat. Kita n’yo? Namatay Siya roon, upang sakdalin tayong mga hindi sakdal. Ang Obra-maestra.

¹³¹ Pansinin rito. Sinabi Niya:

. . . *pitong araw na kakanin mo sa paskuwa itong tinapay na walang lebadura. . .*

132 Ngayon, itinipo ang tinapay. Sinabi ni Jesus, “Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao, kundi sa bawa’t Salita.” Hindi lamang—isang Salita lamang dito at doon kagaya ng gustong ipapaniwala sa inyo ng mga denominasyon kung ano Ito. Subali’t ang Salita ng Dios ay sakdal! Ang Dios Mismo ito sa anyong Titik, na tinatawag na “Binhi.” At ang tamang uri ng dalisay na pananampalataya sa Salitang iyon ang Bubuhay sa Binhing iyan.

133 Ganiyang-ganiyan ang nakikita ninyo tuwing gabi sa mga pagkilala, at lahat ng iba pang bagay na ito, dahil sa pangako ito na ginawa ng Dios. At tumayo Siya sa tabi ko at sinabi siya sa akin, at sinabi sa akin na itong, “mga huwad ay magsisilitaw, subali’t manatili kang matatag.” Sinasampalatayan ko Iyon. At walang makasariling motibo, para saktan ang sinuman, kundi upang maging mapitagan sa Dios at gawin ang gawain na tinawag Niya akong gawin, kaya sinasabi ko ang mga bagay na ito. At pinatutunayan iyon ng Dios, at tinatanggap ang pag-aalay at ang hain, sa pamamagitan ng pagpapatibay rito bilang siyang Katotohanan. Wala nang pag-aalinlangan pa Rito! Ngayon masdan ang salitang Iyon!

134 Ngayon, napansin natin dito, “*Pitong araw*,” iyan ay para sa bawa’t kapanahunan ng iglesya. Ngayon, dahil kinailangang mamatay ang Obra-maestrang iyon, upang mabuhay na mag-uli para tubusin tayong lahat. Kung ganoon Kaniyang inilagay sa kaayusan ang isang iglesya sa Pentecostes, subali’t kinailangang dumaan ng Iglesyang iyon sa isang paghahain; at pinatay iyon ng mundong Romano, ibinaon iyon sa lupa.

135 Gaya ng may-akda ng aklat na ito, hindi ko na iyon maisip ngayon, labis akong pinagtawanan, at sabi, “Sa lahat ng mga diablo, si William Branham iyon.” Kita n’yo, ganiyan ang pinipilit na sabihin ng Diablo. Sabi niya, “Mga pangitain at bagay-bagay,” sabi, “sa Diablo ’yan.” Sabi niya, “O, isa siyang kung anong klase ng manghihipnotismo, o gumagawa sa di-pangkaraniwang talas ng pandama.” Pinipilit laging unawain Iyon ng intelektuwal na mundo.

136 Sa ganiyan nila pinilit na intindihin si Jesus, “Paano Mo ginagawa ang mga bagay na ito? Ano’ng gumawa nito?”

137 Sabi Niya, “Tatanungin Ko kayo. Ang ministeryo ba ni Juan Bautista . . . Iyon ba ay sa Dios o sa tao ba iyon?” Kita n’yo?

138 Sabi, “Hindi namin masabi.”

139 Sabi, “Hindi Ko rin sasabihin sa inyo.” Tama ’yon. Nagpatuloy sila. “Mula noon wala nang taong nagtanong ng anuman sa Kaniya.” Kita n’yo? Sadyang pinahihinto Niya sila, wala Siyang anumang sinabi sa kanila tungkol Dito; wala silang kinalaman doon. May trabaho Siyang dapat na gampanan at tinapos Niya iyon.

¹⁴⁰ Tulungan nawa tayo ng Dios na gawin din ang gayon. Hindi natin kailangang sagutin ang mga tanong ng Diablo, tama 'yon, "Kung ikaw nga, gawin mo ang *ganito-at-ganoon*." Responsable ka sa Ebanghelyong iyan, ang isang mangangaral nga, at 'yun lamang; hindi kung paano Ito nasusulat, may pananagutan lamang ito sa pagsasalita Nito.

¹⁴¹ At bilang isang lingkod, kung isa kang propeta, may pananagutan ka sa Dios. At kung ang mga dumarating na pangitain ay nililiwanagan nito ang Kasulatang ito at ipinakikita kung ano Ito, may pananagutan ka sa bawa't Salita na nasa Bibliang iyan, 'pagka't lahat Nito ay isinulat ng kagaya mong mga tao. "Ang Dios noong unang panahon ay kamilos, sa pamamagitan ng mga propeta, at isinulat ang Ba...ang Banal na Biblia." Kita n'yo? At walang tunay na propeta ng Dios ang maitatangi ang isa mang Salita Nito, kundi sinasampalatayanan ang bawa't Salita at ipinangangaral din ang gayon. At kung ganoon obligado ang Dios sa pamamagitan ng daluyang iyon na tuparin ang Salitang iyon nang ganap kung paano Ito ipinangako, tutubo ang Binhi.

¹⁴² Ngayon pansining muli, madali, nasumpungan natin dito na sa buong pitong araw ay kakainin ang tinapay na ito, sa loob ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Ngayon, noong kinailangang mamatay ito at mabano sa lupa.

¹⁴³ At ang kritikong ito na nagsalita tungkol sa akin, ay nagsabi, "Ng isang Dios na sinasamba ninyong mga tao, na makapananatili sa mga Panahon ng Kadiliman at panoorin ang mga ina, na buntis, ang ilan sa kanila ay may karga pang mga maliliit na sanggol, tapat na mga tao, na maitapon sa mga arena at ginugutay-gutay sila ng mga leon, at nagsisigawan sila; ibinibitin sila sa mga krus at sinusunog sila; hinuhubaran ang mga kababaihan, mga dalagang birhen, at inihahagis ang sarili nila pabalik nang *paganito*, at pinakakawalan ang mga leon sa kanila." Sabi, "Ang isang Dios na makakapanatili sa Langit, ipinagpapalagay pa namang nasa Kaniyang luklukan, at tumingin sa ibaba at sasabihing natutuwa Siya rito," sabi.

¹⁴⁴ Pagkatapos, kita n'yo, 'yan ang intelektuwal na kaisipan na sa Diablo. Kung naging espirituwal lang sana 'yung tao, alam sana niyang kinakailangang mamatay ang butil ng trigo, kinailangang mailibing iyon sa isang Romanong katedral.

¹⁴⁵ Subali't gayunpama'y lumabas ang unang munting usbong ng Buhay sa repormasyon sa pamamagitan ni Martin Luther, na, "Ang taong matuwid ay hindi mabubuhay sa pamamagitan ng binasbasan na tinapay na ginagawa ng pari, kundi sa pamamagitan ng Salita ng Dios. 'Ang taong matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya!'" Nagusbong siya ng dalawang maliliit na tangkay. Nagpasimulang lumaki ang butil ng trigo.

146 Pagkatapos dumating si John Wesley at nagdagdag doon. (Marami pang iba sa kanila, na . . . Si Zwingli at ang iba pa ay nagsilitaw at itinanggi ang birheng kapanganakan, at sadyang namatay iyon.) Nguni't dumating ang mga Methodist, ang uhay, ang bulo ng bulaklak, ang panahon ng misyonero. At ipinangaral nila ang pagpapabanal; idinagdag ang uhay.

147 Pagkatapos dumating naman ang mga Pentecostal sa talukap, halos, upang dayain ang mga Hinirang. Tila ba ito tunay na butil ng trigo, buksan mo iyon, wala man lang trigo doon. Subali't dumaraan ang Buhay sa talukap.

148 Ngayon, napansin n'yo ba, sa bawa't tatlong taon pagkatapos ng isang-isang malawakang pagtitipon, ano'ng nangyayari? Isang denominasyon. Dalawampung taon na ito at wala pang denominasyon. Mahal na nag-aagaw-buhay na Kordero, huwag nawa nitong gawin iyon. Kung pumanaw ako sa lahing ito, nawa ang mga taong naniniwala sa Mensaheng ito ay hindi kailanman papayag sa isang denominasyon! Ang Dios ay . . . Mamamatay kayo mismo sa landas n'yo! Tandaan n'yo 'yan! Sa mismong oras na banggitin ninyo ang denominasyon sa kalagitnaan ninyo, wala akong pakialam gaano man kayo katarapat, maglalagay ng tao bilang tagapanguna ninyo sa halip na ang Espiritu Santo para patotohanan ang Salitang ito, 'yun ang oras na mamamatay kayo! Hindi magagawa ng tunay na Binhi, dahil wala nang susunod pa sa binhi, 'yung siya ring bagay ay bumalik na sa simula. Ang Nobya iyon na nahulog sa lupa upang ibunga ang butil ng trigo muli.

149 Pansinin:

. . . pitong araw na kakanin mo sa paskuwa ang tinapay na walang lebadura . . .

150 At magkakaroon kasama ng Nobya . . .

151 Ngayon, kayong mga taong may matandang nanay na Methodist na humihyaw, at iba pa, na inisip n'yong "Kung hindi siya nagsalita sa iba't ibang wika, hindi siya maparoroon." Kasinungalingan 'yan! Siya ay nasa pareho ring Banal na Espiritu na taglay mo ngayong araw na ito, subali't 'yun ay nasa anyong uhay, hindi pagpapanauli ng mga kaloob. Nguni't buong pitong araw, kainin lamang 'yung tinapay na walang lebadura, ang Salita. Sila, noon, silang nagdenomina, sila'y patay na. Sila'y mga tangkay, titipunin lamang sila at susunugin. Subali't nagpapatuloy ang Buhay. At ano'ng mangyayari? Lahat ng Buhay na nasa tangkay, nasa uhay, nasa talukap, ay mauwi lahat sa trigo. At ang iisang Banal na Espiritu na iyon na nagdala kay Luther, nagdala kay Wesley, nagdala sa mga Pentecostal, ay mauwi sa Nobya sa pagkabuhay na mag-uli.

152 "Pitong araw, kainin ang tinapay na walang lebadura." Walang makikitang lebadura sa Nobya, walang—walang idinagdag na salita, walang anuman. Alalahanin, isang salita

lang ang naging sanhi ng bawa't kamatayan na nasa lupa; bawa't bastardong anak ay isinilang dahil si Eba, ang unang iglesya, ang nobya ng unang Adan, ay nag-alinlangan sa Salita ng Dios at tinanggap ang isang denominasyonal, o isang intelektuwal, o isang paaralan ng pangangatwiran na hiwalay Rito; dahil sa ikinatuwiran Ito, na, "Tiyak, ang Dios ay mabuting Dios." Mabuting Dios ang Dios, subali't matuwid din Siyang Dios. Dapat nating sundin ang Kaniyang Salita! Ang kaalaman, tinanggap niya ito.

¹⁵³ Doon ay kung saan ilan sa inyong mga kalalaking seminarista, walang duda na may pagtawag sa buhay n'yo, nguni't nagtutungo kayo sa isang paaralan ng Biblia para maiturok ang dokrinang ito sa inyo, at doon kayo namamatay. . . Manatili sa Dios at sa Kaniyang Salita. Hindi ka nila papayagan; o, hindi ka man lang puwedeng mapabilang sa kanilang kongregasyon, hindi ka tatanggapin sa entablado. Kaya hayaan mo na sa kanila 'yon, hayaang ilibing ng patay ang kapuwa niya patay, sundan natin si Cristo na Salita.

¹⁵⁴ Ngayon, pitong araw na walang lebadura na ihahalo sa Nobya, ang Iglesya, sa pitong araw.

¹⁵⁵ Pansinin ngayon. Ngayon bilang walang. . .

At pitong araw na walang makikitang lebadura sa iyo sa lahat ng iyong mga hangganan; . . . (Ang hain dito ay isang tipo: ang Nobya na lumilitaw mula sa Hain na si Cristo.) . . . ni sa anomang karne, na iyong inihain sa unang araw sa gabi, . . .

¹⁵⁶ At naaalala—naaalala n'yo ba sadyang kung paano tayo dumaan sa mga Kapanahunan ng Iglesya? Laging dumarating ang mensahero ng iglesya sa puntong namamatay na ang isa pang kapanahunan ng iglesya, palagi. Ang namamatay nang Pentecostes ang nagdadala sa pag-agaw sa Nobya. Kita n'yo? Ang namamatay nang Luther ang nagpalitaw sa kay Wesley. Kita n'yo? Ang namamatay nang Wesley ang nagpalitaw sa Pentecostal. Ang namamatay nang Wesley ang nagpapalitaw sa Mensahe ngayon. Heto, narito ito mismo, ibinatay sa lahat ng Kasulatan. Walang kasulatan sa Biblia na hindi magkadugtong-dugtong sa isa't isa. Kita n'yo? Lahat ng mga tipong ito. Wala akong edukasyon, subali't taglay ko ang Espiritu Santo na nagpapakita sa akin sa pamamagitan ng iba pang daluyan, na nagtuturo mula sa—mula sa kalikasan; at sa pamamagitan 'yon ng Salita. Kailangan ngang maging Salita, ang mga bagay na ipinangako.

. . . karne, . . . ang hain sa unang araw . . . paglubog ng araw, ay walang maiiwan sa buong gabi hanggang sa umaga.

¹⁵⁷ Ngayon, maging si Luther, na taglay ang Katotohanan at itinuro sa iglesya na "ang taong matuwid ay mabubuhay

sa pamamagitan ng pananampalataya.” Ayaw ninyong manghawakan riyan bilang ang buong doktrina, sa kapanahunan ng Methodist. Ano’ng gagawin n’yo? Sunugin ito sa apoy. Ano’ng tipo? Ang denominasyon na lumalabas sa Salitang iyan ay talukap, ang tangkay, ang mga ipa, ay kailangang sunugin sa apoy. Ang makadenominasyong bahaging iyon na pinagdaanan nito ay hindi dapat manatili, kailangang mamatay. Huwag mag-iwan nito hanggang sa pagbubukas ng isa pang—isa pang kapanahunan, sunugin mo ito! Nakikipag-usap Siya ngayon sa Nobya rito, ’yung Nobya lang, na lumalabas sa bawa’t kapanahunan.

158 Pansinin kung gaano kaganda, “Ang dugo ng kordero.” Ang mga ito ang Katawan ni Cristo, ang Hain: ang dugo ng kordero sa pintuan. Ngayon, alalahanin, pinatay ang kordero na tipo kay Cristo.

159 O maaari pa tayong gumugol ng maraming oras, subali’t wala akong. . . ilang minuto na lamang para manatili dito. Marahil kakailanganin kong tumigil at magpasimulang muli mamayang gabi, kita n’yo, dahil masyado na tayong napapatagal. Ito’y. . . May dalawampung pahina pa ako nito dito, ng mga tala, tungkol sa isang paksang ito.

160 Pansinin ngayon, tungkol dito, ang—ang kordero ay si Cristo sa isang paglalarawan. O tama ba ang pagkasabi ko doon? Ang tipo; si Cristo ay ang Kordeo. Siya dapat ay isang lalaki, ang una mula sa matandang inang ewe [babaeng tupa—Tag.]; o yew, alinman ang piliin n’yong itawag rito. Dapat ’yun ang kaniyang una. At kailangan muna niyang masuri para makita kung may kapintasan sa kaniya.

161 Ngayon, si Cristo ay sinubukan; ang unang korderong nagmula sa inang tupa, si Maria na birhen. At sinubok sa ano? Si Satanas laban sa Salita. Noong tinira niya si Eba, nahulog ito; tinira si Moises, nahulog ito; subalit noong sinugod niya si Cristo, at sinubukang sipiin nang pamali ang Kasulatan sa Kaniya, uh-huh, nalaman niyang hindi iyon si Moises. Kita n’yo? Sinubok Siya. Ano’ng. . . umikot siya, sabi niya, “*Kung* Ikaw nga ang Anak ng Dios. Ngayon sinasabi nila sa akin na gumagawa Ka ng mga himala, at sinasabi nila sa akin na ganoon ang gagawin ng Mesiyas. Ngayon, kung ganoon nga, gutom Ka, hindi Ka pa kumain, gawin Mo ang tinapay na ito na. . . ang mga batong ito na tinapay, at kainin.”

162 Sabi Niya, “Nasusulat, ‘Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao.’” Ang kredo mo, iba pa. Kundi sa pamamagitan ng ano? Sa bawa’t Salita! Isang bahagi ng Salita? “Bawa’t Salitang lumalabas sa bibig ng Dios.” D’yan nabubuhay ang tao. Kita n’yo? Sinubok ang Kordero, upang tingnan kung mayroon Siyang kakulangan saan man.

163 Ang mga Fariseo, “O Rabbi, Ikaw na batang Propeta, sa tingin namin kahanga-hanga Ka. Mabuti Ka.”

164 “Bakit tinatawag mo Akong mabuti? May iisa lamang na mabuti, at iyon ang Dios. Pinaniniwalaan mo ba iyon?”

165 “Oh, siyanga. Ang Dios.”

166 “Buweno, Ako nga Siya, kung ganoon.” Uh-huh. “Sinabi mong may iisa lamang na mabuti. Bakit tinatawag mo Akong ‘mabuti,’ gayong hindi mo naman pinaniniwalaan na Ako’y Dios?” Uh-huh. “Kaya bakit tinatawag mo Akong mabuti? Ano yaong nagbubunsod sa ‘yong gawin ‘yan? Ano’ng nagbigay-inspirasyon sa ‘yo para sabihin iyon, gayong alam mong may iisa lamang na mabuti, at iyon ang Dios?”

167 “Alam naming hindi Mo kinikilala ang katatayuan ng tao ni ang salita ng katayuan nila. Alam namin iyon.” Sinubok. . . Kilala Niya ang mapagpaimbabaw na iyon. Kita n’yo?

168 Sinubok Siya upang makita kung saan Siya nakatayo, kita n’yo, sinubok sa lahat ng paraan, sinubok na gaya nating sinubok rin. Subali’t walang pagsuko, sa Kaniya, man lang. Wala, po! Iyon ang Anak ng Dios.

169 At sinubok ang kordero, at pinanatili nang labing-apat na araw. Dalawang Sabbath iyon, o dalawang kapanahunan. Ang isa’y para sa mga Hudyo, na inihandog nila ang kordero bilang pagtitipo; ang isa ay para naman sa mga Gentil, na mayroon niyaong tunay na Kordero, at lahat sila ay ginawang sakdal sa pamamagitan ng pananampalatayang darating ang Korderong ito. Subali’t tinukso Siya nang labing-apat. . . o sinubok nang labing-apat na araw, Siya ang Salita.

170 At maaari ninyong subukin ang Lumang Tipan, sabihin “Hinahatulan Nito ang Bago.” Mali kayo! Pinatotohanan lamang ng Lumang Tipan ang Bago.

171 Isang lalaki ang hahamon sana sa akin di pa kalaunan, sabi, “Anong nangyayari sa kaniya?” Sabi, “Buweno, nagtuturo pa nga siya mula sa Lumang Tipan.” Isang Cristianong mangangaral, isipin n’yo ‘yon. Sabi, “Patay na ang Lumang Tipan at wala na.” Oh, hindi! Oh, hindi! Tagapagturo lamang ito, ipinakikita nito kung ano’ng nakasulat sa pader. Kita n’yo? Tama iyon.

172 Ngayon, kita n’yo, labing-apat na araw itong sinubok, si Cristo iyon. Ngayon pansinin, pagkatapos pinatay Siya sa oras ng gabi, dapat na patayin, ‘yung kordero. Namatay si Cristo sa oras ng gabi, sa hapon. At pagkatapos pansinin, nang magkagayon siya rin. . .

173 Ipapahid ‘yung dugo sa mga haligi ng pinto, kita n’yo, na ang dugo ay ang buhay nung hayop. “Iyong kakanin ang karne niyon; subali’t ang dugo niyon na siyang buhay, ibuhos n’yo ito.” Kita n’yo? Iyon ay. . . Yaong dugo ay dapat na ipahid sa itaas ng haligi

ng pintuan ng bahay kung saan ang hain ay ipinasok. Luwalhati! Ano yaong Buhay? Ang Pangalan. Iyon. . . Kaniyang inilagay ang pangalan ng tao. . . Umakyat ka sa pintuan, at tingnan mo, tingnan mo kung kaninong pangalan ang nasa pinto bago mo patunugin ang timbre. Kita n'yo? Ipinahid 'yung dugo sa itaas ng pinto bilang tipo kung ano 'yung hain na nasa loob.

¹⁷⁴ Ngayon masusumpungan natin ang dakong sambahan, sa pamamagitan niyan mismo, na dumadaan sa Dugong iyon. Pansinin, 'yung dugo sa pintuan ay sinasabi ang pangalan ng kung ano ang. . . ang nasa loob, naroon sila sa loob. Ang ating dakong sambahan, ang Kordero, ay ang Salita. Alam natin iyon.

¹⁷⁵ Ngayon, sa talatang 4, pansinin, "Huwag mag-iwan ng tinapay, huwag magtabi niyaong hain," o, kukuha ng isa mula sa isang kapanahunan tungo sa iba pang kapanahunan.

¹⁷⁶ Magpipilit na bumalik at magsabi, "Buweno, ngayon, kami'y mga Lutheran, nais naming magtungo rito," kailangan mong mamatay sa kapanahunang Lutheran para maipanganak sa kapanahunang Wesley. Kailangan mong mamatay sa kapanahunang Wesley upang maipanganak sa kapanahunang Pentecostal. At kailangan mong mamatay sa kapanahunang Pentecostal, huwag mag-iwan ng anuman nito, sunugin iyon sa apoy, dahil susunugin iyon na gaya ng tangkay na pinagmulan ng trigo. Ang tangkay, ang denominasyon, dapat itong masunog. Kaya't huwag n'yong dadalhin ang inyong denominasyon doon sa bagong Mensahe. Ito na ang Salita ngayon. Iyon ang nagdenomina, 'yung tangkay; dinala nito Iyon, tama 'yan; subali't nakarating na ito *rito*, nang magkagayon ay namatay 'yung tangkay. Iyon ay tagapagdala, ang denominasyon, subali't nagpapatuloy pa rin ang Salita. Siyanga, nagpapatuloy pa rin ang Salita.

¹⁷⁷ Ngayon kunin ang ika-5 at ika-6 na talata. Pansinin, "Hindi. . ." Ngayon talakayin natin ang ika-5 at ika-6 na talata.

Hindi mo maihahain ang paskuwa sa loob ng alin man sa mga pintuang-daan, na ibinigay sa iyo ng PANGINOON mong Dios:

¹⁷⁸ Ngayon, alalahanin, "Hindi sa alinman sa mga pintuang-daang ito." Pinahihintulutan ka ng Panginoon na magkaroon nitong mga denominasyon, kita n'yo, "ang mga pintuang-daang ito."

Kundi sa dakong pipiliin ng PANGINOON. . . na patatahanan ng Dios sa kaniyang pangalan, . . .

¹⁷⁹ Iyon ang Pintuang-daan, ang tanging dako. "Hindi sa alinman sa mga pintuang-daang ito." Nguni't may Pintuang-daan ang Dios.

¹⁸⁰ Sasabihin mo, "Tuwing umaga pumapasok ako sa pintuang-daan ng Methodist." Iyon ang bahay-sambahan. "Tuwing umaga

ay nagtutungo ako sa pintuang-daan ng Katoliko.” Uh-huh. Buweno, hinahayaan ng Panginoon ang Kaniyang bayan na pumasok at lumabas sa mga pintuang-daang iyan. May mga tao ang Dios sa iglesyang Katoliko, iglesyang Methodist, iglesyang Presbyterian, lahat ng mga iyon, sa mga Pentecostal. Siyanga, subali’t hindi . . . hindi kayo sumasamba sa Panginoon sa pintuang-daang iyon. Kita n’yo? Nguni’t ang Panginoon ay may isang tiyak na pintuang-daan. Luwalhati! May pintuang-daan Siya.

*Kundi sa dakong pipiliin ng PANGINOON mong Dios . . .
na patatahanan ng kaniyang pangalan, ay doon . . . mo
ihahain ang paskuwa sa gabi, . . .*

¹⁸¹ Kailan nasumpungan ni Rebeca si Isaac? Kailan siya tinawag ni Eliezer upang maging ang nobya? Sa oras ng gabi!

Magliliwanag pagsapit ng gabi,
Ang landas tungo sa Kaluwalhatian ay tiyak
mong masusumpungan;
Sa daang tubig na iyon ay ang Liwanag
ngayon,
Inilibing sa minamahal na Pangalan ni Jesus;
Bata’t matanda, magsisi sa lahat ng inyong
mga sala,
Ang Banal na Espiritu tiyak na papasok;
Ang mga panggabing Liwanag ay dumating
na,
Katotohanan na ang Dios at si Cristo ay iisa.

¹⁸² Iyon na ang pasimula Nito, ngayon nanatili siya sa Liwanag ng Nobya. Nakita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

¹⁸³ Dapat na akong magtapos dito, mag-umpisa muli mamayang gabi, dahil ayaw kong iwanan ninyo ito, nakita n’yo. Hindi, hindi, ito’y—oras na ng pananghalian. Buweno, buweno, napakarami kong tala na naisulat dito. Oh, naku! Ano kaya kung mamayang gabi, mas mainam ba iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi. Ngayon na.”—Pat.] Huh? Buweno, kung inyong . . . Gusto pa ninyong subukang magtagal nang kaunti? [“Oo. Amen.”] Buweno, magtagal pa tayo nang kaunti kung ganoon, magmamadali tayo kaagad-agad. Ganoon kaya?

¹⁸⁴ Ngayon, pumasok sa ano? “Hindi kayo papasok sa alinmang pintuang-daan na ibinigay sa inyo ng Panginoon Dios, kundi sa pintuang-daan na patatahanan ng Panginoon ng Kaniyang Pangalan.” Hindi pumasok sa bahay ng—ng pintuang-daan na siyang pinto. Tama ba? Ilalagay ng Dios ang Kaniyang Pangalan sa pinto, at hindi kayo . . . Iyon ang pintuang-daan na papasok sa dakong sambahan, ang santuwaryo. Hindi kayo papasok doon sampu ng inyong hain sa alinman sa mga pintuang-daang ito, kundi sa pintuang-daan na pipiliin ng Panginoong Dios na patatahanan ng Kaniyang Pangalan. Kita n’yo?

185 Ngayon, ginawa na ba Niya iyon? Nasaan ang pintuang-daang iyon? Sa San Juan 10, sinabi ni Jesus, “Ako ang pintuang-daang, ang pintuan. Ako ang pinto sa Bahay ng Dios. Ako ang pintuan ng kulungan ng mga tupa.” Hindi ng kulungan ng mga kambing, ng kulungan ng mga tupa. Kita n’yo? “Ako ang pintuan ng kulungan ng mga tupa. Ang isang tao ay makapapasok sa pintuang ito, magiging ligtas.”

186 At ngayon ay maaari tayong magtagal-tagal riyan. Subali’t, para makatipid ng oras, Siya yaong pintuan ng kulungan ng mga tupa. Ngayon, nais nating pansinin dito. At ang mga anino at mga tipo ay talagang kitang-kita rito, nguni’t aking . . . kung tatalakayin ko ’yang pahinang iyan ako’y . . . pagtatagalin kayo nito.

187 Buweno, pansinin, ipinakikita nitong ganap, si Jesus Cristo. Dahil sa ang buong Lumang Tipan ay tipo Niya, lahat ng mga pista, lahat ng mga pagsamba, at lahat-lahat na. At naisulat ko rito, sa ilalim ng hanay ng Mga Kasulatang ito, “Ipaliwanag ito.” Doon ito magtatagal. Ipaliwanag kung paanong lahat ng mga pista . . . Maging ang handog na harina ay tipo ni Cristo. Talakayin lamang natin ang isang ’yon.

188 Minsan may isang—isang paaralan na tinatawag na paaralan ng mga ministro, o paaralan ng mga propeta. Nagsanay sila, edukadong mga propeta. At may isang tunay, na propetang tinawag ng Dios minsan na nagtungo roon para dalawin sila. Buweno, nais nilang magpakita sa matandang propeta ng kaunting kagandahang-loob, kaya’t isa sa kanila ay nagtungo at nanguha ng isang malaking bungkos ng inaakala niyang mga gisantes; subali’t ang mga iyon ay nakalalasang ligaw na bunga, at iyon ang ipakakain niya sa kanilang lahat.

189 Oh! Ilang kandungang puno ng seminaryo ang mayroon tayo! Kita n’yo? Tama. Nagluluto sila ng kung ano. Kita n’yo? May kandungang puno ng Methodist, kandungang puno ng Baptist, kandungang puno ng Pentecostal. Nguni’t, nakita n’yo, sila ang pangalawang usbong, ’yung uri na maaaring pungusin sa puno. Kita n’yo, hindi sa pinaka Punong Baging. Namumunga ng mga limon, suha, at iba pa; hindi mga kahel, subali’t nagkukunwa na mga citrus.

190 Pansining muli. Ngayon, dito sa—dito sa, noong dumating si Elias at tiningnan sila, at nakitang mga ligaw na bungang nakalalason ang mga iyon na papatay sa bawa’t isa sa kanila, sabi nila, “Ay, may kamatayan tayo sa palayok!”

191 Sinabi niya, “Dalhan n’yo ako ng isang dakot na harina.” At naghagis siya ng harina rito, sabi niya, “Ngayon ito ay mabuti na, kainin ninyo ang gusto n’yo.” Binago nito ang kamatayan tungo sa buhay.

192 At ang handog na harina na ibinigay upang . . . Si Cristo, Siya ang handog na Harina, at kailangang masahin ang handog na

harina sa pamamagitan ng isang gamit na nagpapaging parepareho sa bawa't maliit na tumpok ng harina, nagpapakita na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Siya rin ang ilagay sa inyong denominasyon at mabubuhay iyon, ang Salita! Si Cristo ang Salita, lahat ng mga tipo ng lahat-lahat: ang tabernakulo, ang—ang—ang tinapay na handog, lahat na. Ang pinagpira-pirasong tinapay sa ilalim ng plato ay ang Kaniyang pinagpira-pirasong katawan, na hindi pa rin maipaliwanag ng mga Hudyo kung bakit nila iyon ginagawa. Kita n'yo? At lahat ng iba pang bagay na ito ay tumitipo sa Kaniya.

¹⁹³ Ngayon, kung ganoon, nakikita na Siya, nakikita natin ngayon lahat ng mga denominasyon at mga kredo na napag-iwanan na; pagka't Siya ay ang puro, na hindi nagbabagong Salita ng Dios, na siyang tinapay na walang lebadura, San Juan 1. Tama iyon, Siya ang Tinapay na walang lebadura. Kaya kapag idinagdag mo *ito* o idinagdag *iyon*, lebadura 'yon na idinagdag Doon sa kung ano ang orihinal nang ibinigay para sa iyo.

¹⁹⁴ Tingnan dito. Ano ang pumapatay sa lahi ngayon? Kinukuha nila at pinaghahalong-uri ang mga bagay. At kapag pinaghahalong-uri mo ito, pinapatay mo ito. "Oh, mukha itong mas maganda." Siyanga! Nahaluang-uri na mais: mga maliit na piraso ng mais, lahat ng iba pang cereal na nagagawa mula sa mais. Nahaluang-uri na mais: kahanga-hanga, malaki, magandang mahahabang tangkay, at napakalalaking puso ng mais, mukhang mas maganda nang doble kaysa doon sa isa. Subali't kamatayan iyon! Napag-alaman 'yan maging ng siyensiya. Kita n'yo? Huwag ninyong paghaluin ito, papatayin kayo nito.

¹⁹⁵ Ngayon, heto, hayaan n'yong ipakita ko sa inyo. Noong isang araw nagdidilig ako ng ilang bulaklak sa bakuran ko. At 'yung ale ay may ilang nahaluang-uri na bulaklak na nakalagay sa maliit na paso dito, o isang maliit na may dekorasyong lalagyan ng halaman sa gilid ng bahay. Kailangan naming diligan ang mga iyon nang di-kukulangin sa tatlong beses sa isang linggo, o apat, o mamamatay ang mga iyon. At naroon 'yung orihinal na halaman doon sa bakuran. Hindi umulan doon sa loob ng anim na buwan, sadyang napakatuyo. . . Kung uulan, sa sampung minuto puwede ka nang magpagpag ng alikabok. Nguni't 'yung munting halaman na nakalagay doon sa labas, sadyang mas maganda at mas matingkad kaysa doon sa nahaluang-uri na nadiligan ng maraming tubig. Huwag mong diligan iyon, mamamatay iyon. Nguni't saan niya kinuha ang tubig niya? At isa pang bagay, kailangan mong patuloy na bombahin ang mga iyon araw-araw o dalawa, para lumayo ang mga kutong-pananim sa mga iyon. Ang mga ito ay hindi, kakainin lang iyon ng kutong-pananim, napakalambot nito at mahina. Nguni't walang isang kutong-pananim man lang ang dadapo sa orihinal na iyon. Wala, wala! Gagapang iyon doon at

gagapang palayo. Orihinal siya. Kita n'yo kung ano ang ginawa ng paghahalang-uri?

196 Ganoon din iyon sa iglesya. Pinipilit nilang ihalo ang denominasyon sa Salita, para gawin ang. . .piliting gawin ang Salita na magsabi ng kung ano ang sinasabi ng denominasyon. At kapag ginagawa mo 'yan, kailangan mo silang wisikan, at kalingain silang gaya ng bata, at—at bigyan sila ng mga gintong bituin para magtungo sa Sunday school, at lahat ng iba pa. Tama 'yon. Gayong, ang isang tunay, na Cristianong ipinanganak na muli, ipinanganak sa pamamagitan ng Salita ng Dios, siya'y matibay. Ikaw 'yon. Ang mga kutong-pananim at bagay ng sanlibutan ay hindi niya pansin. Agila siya, dire-diretso siyang lumilipad nang lampas pa diyana. Kita n'yo, pumapailanlang sa mga kalangitan. Kita n'yo? Totoo 'yun. Walang anumang. . .

197 Pansinin. Ngayon, kailangan nating maunawaan na dito, ang denominasyon, ang mga kredo, at ang lahat na idinagdag sa tinapay na may lebadura ay hindi maaaring ihalo sa walang lebadurang tinapay. At isinasalarawan dito ng Biblia sa sakramento, tungkol sa pagtungo sa pagsamba, na hindi maaaring magdala ka ng may lebadura, at tatanggapin iyon ng Dios.

198 Sasabihin mo, “Ako'y Methodist.” Doon mismo mamamatay ka! “Ako'y sa mga Pentecostal.” Mamamatay ka!

199 Kay Cristo ako. Tama iyon. Kailangan mong tumayo sa isang bagay. Tama 'yon. Ika'y—nakatayo ka sa isang bagay.

200 Sinabi minsan ni Churchill, itinaas ang dalawang daliri at nagsabi, “Nasa atin ang tagumpay.” At nanindigan doon ang Inglatera, pinaniwalaan nila si Churchill.

201 At sa maniwala kayo't sa hindi, ngayong umaga, nakatayo kayo sa isang bagay. May iisang bagay lamang na inyong mapapamuhayan at matatayuan, at iyon ay si Cristo, ang Salita. Totoo!

202 Pansinin, walang anuman sa Biblia ang tumitipo sa mga denominasyon kundi ang Babilonia. At itinatag ni Nimrod ang Babilonia, at si Nimrod ay isang lilo. At may isang grupo siya ng mga kababaihan doon, ay ipinapalagay na mga reyna niya, na babaeng propeta. Pinaniniwalaan pa nga nila na ang matandang si Balaam ay nagmula sa hanay na iyon, may mga pinag-ugatan sila at iba pa. Sumamba sila, alam n'yo na (marami sa inyo na mga iskolar na nagbabasa ng *Dalawang Babilonia* ni Hislop, at iba pa, at ang kasaysayan ng iglesya), at kung paano ang kanilang—kanilang ginawa. At may mga kababaihan silang gumagawa ng *ganito*, at mga kababaihang. . . isang diosa, at lahat na, at 'yun ay isang sapilitang relihiyon. Bawa't isa, lahat ng siyudad sa palibot ng Babilonia ay sapilitang pinapunta sa Babilonia upang sumamba sa ilalim ni Nimrod doon sa tore. Kita

n'yo? Tama 'yon. Sapilitan silang pinagawa niyon, pinagtalunan iyon. Doon na dumating ang kalituhan.

203 At ganoong-ganoon ang iglesya sa araw na ito, "Kung hindi ka dadalo sa Sunday school, kung hindi mo gagawin ang *ganito*, at kailangang upahan ka para gawin ang *ganito* at gawin *ito* at gawin *iyon*, hindi ka kasali sa usapan dito."

204 Doon sa dako ng Tucson, ay nakikinig ngayong umaga, nag-isip ako minsan... Noon ko pa laging pinipilit ang mga tao, "Magtungo kayo sa bahay-sambahan, saan man kayo magtungo." At nakita ko ang mga tao na tila ba hindi nagtutuloy, at nagtungo sila sa gawing *ito*. At naisip ko, "Ano'ng problema?"

205 Nagtungo ako sa ilan sa kanila, "Sa unang araw na naroon ka, lalapitan ka nila, 'Umanib ka sa iglesya namin.' Kung hindi mo iyon gagawin, hindi ka malugod na tatanggapin." Kita n'yo? Kita n'yo? Sapilitang bagay ito, ipinagpipilitan ito sa inyo, kita n'yo, at gamoon ang Babilonia. Subali't kay Cristo, pumapasok ka sa pamamagitan ng paghihirang; hindi sapilitan, ang puso mo ang humihila sa 'yo papasok.

206 Hindi inilagay ng Dios ang Pangalan Niya sa Babilonia kung ganoon. Makinig na nang maigi ngayon. Hindi Niya maaaring ilagay ang Kaniyang Pangalan sa Babilonia, sa mga iglesya. Oh, sila, inilalagay *nila* ang Kaniyang Pangalan doon, subali't kailanma'y hindi Niya ginawa iyon. Hindi.

207 Sasabihin mo, "Buweno, ngayon, Kapatid na Branham!" Teka, teka, manatiling nakaupo lamang saglit. Hiniling n'yo sa akin na manatili nang kaunting sandali pa. Hindi ba n'yo nakikita? Ngayon pansinin, inilagay *nila* ang Pangalan Niya roon, subali't Siya'y hindi.

208 Ngayon, sabi Niya, "Ang dakong katatagpuin Ko kayo at tatanggapin ang hain ninyo ay doon Ko piniling ilagay ang Aking Pangalan. Pumasok kayo sa pintuang-daang ito, sa pintuang ito kung saan Ko piniling ilagay ang Aking Pangalan. Doon kayo dumako."

209 Buweno, inilagay nila, "Ito ang iglesya ni Cristo." Kung may bagay mang mali sa pagpapahayag na iyon, hindi nito isinama ang isang salita: "anti." Uh-huh, lahat ng itinuro Niya, hindi nila Iyon sinasang-ayunan. Mga modernong Fariseo.

210 Subali't kailangan nga nating masumpungan kung saan nga Niya inilagay ang Kaniyang Pangalan, sapagka't Doon ay ang Kaniyang nag-iisang inilaang pintuang-daang. Amen! Luwalhati! Masdan! Saan Niya inilagay ang Kaniyang Pangalan? Sa Kaniyang Anak.

211 "Oh," sasabihin mo, "ngayon saglit lang, Kapatid na Branham. Iyon ang Anak, hindi ang Ama."

212 Laging dala ng anak ang pangalan ng kaniyang ama sa lahat ng bagay. Dumating ako sa mundong ito sa pangalan ng isang Branham dahil ang pangalan ng tatay ko ay Branham.

213 Sinabi ni Jesus, “Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama, at hindi ninyo Ako tinanggap.” Gusto ninyo ang Kasulatan tungkol diyan? San Juan 5:43. Kita n’yo? “Ako—Ako’y naparito sa Pangalan ng Aking Ama, at hindi ninyo Ako tinanggap.” Kung ganoon inilagay ng Ama ang Kaniyang Sariling Pangalan, na “Jesus,” sa Anak. At Siya ang Daan, Siya ang Pintuan, Siya ang Bahay, Siya ay kung saan pinili ng Dios na ilagay ang Kaniyang Pangalan. Hindi kailanman inilagay ng Dios ang Kaniyang Pangalan sa akin, hindi Niya Iyon kailanman inilagay sa iglesya, hindi Niya iyon kailanman inilagay sa Methodist, Baptist, Katoliko, kundi inilagay Niya Iyon kay Cristo na Pinahirang Emmanuel.

214 At yaong Pangalan ay nasa Salita dahil Siya *ay* ang Salita. Amen! Ano Siya kung ganoon? Ang Salitang ipinaliwanag ay ang kahayagan ng Pangalan ng Dios. Hindi nakapagtataka. “Hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo, kundi ang Aking Amang nasa Langit ang nagpahayag nito sa iyo, kung Sino Ako. At sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking dakong sambahan, at ang mga pintuan ng hades ay hindi Iyon mayayanig.” Amen! O buhay na Iglesya ng Dios, tumayo sa matatag na saligan kay Jesus Cristo lamang. Maaari mong awitin ’yung awit, subali’t kung wala ka kay Cristo na siyang Salita, isa kang di-matatag, na nayayanig na buhangin lang. “Subali’t sa ibabaw ng batong ito,” si Cristo, “ang Aking Salita.”

215 Itinayo Niya ang mensaheng Lutheran at nagdenomina sila rito. Iyon noon ay lumalaki na, ang apakan. Pagkatapos ay tumaas pa Siya sa bahaging binti, ang Methodist, at iba pa. Doon Niya itinayo ang Kaniyang Iglesya, sa ibabaw ng Kaniyang Salita! Ngayon, hindi Siya puro paa at puro hita, isa Siyang katawan; at ngayon ay ang bahaging ulo. Napansin n’yo ba sa mga piramide? Na, hindi ako nangangaral ng relihiyong piramide, ngayon.

216 Subali’t ang unang Biblia na naisulat, ay isinulat sa langit, ang zo- . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Napansin n’yo ba iyon? Nag-uumpisa ’yon sa birhen, ang unang anyo sa zodiac. Ang huling anyo ay Leo na leon. Una Siyang dumating sa pamamagitan ng birhen, sa susunod ay darating Siya bilang Leon mula sa angkan ni Juda. Bago lamang ’yun, isang kapanahunan ng kanser, isang pakrus na isda, lahat ng iba pang kapanahunan. Kung nagkapanahon tayong talakayin ito; na mayroon tayo, doon sa tabernakulo.

217 At ang pira- . . . piramide bilang mga pundasyong iyon, hanggang sa silid ng hari. At bago mo matunton ’yung ikapitong pader, may maliit na makapal na tabla ng pagpapakilala doon,

kung saan lumalabas ang isang mensahero para dalhin ka sa hari. (Ang mensaherong si Juan Bautista na nagpakilala sa Hari), subali't 'yung Pangulong Bato ay tinanggihan. At hindi nila alam, 'yung Bato ng Scone, o anuman iyon, hindi nila alam kung nasaan na iyon, dahil iyon ay tinaggihang bato. Subali't iyon ang batong nagtatakip sa buong bagay, na nagpapaging piramide dito sa buong pitong kapanahunan ng iglesya. Idagdag ang biyaya, idagdag *ito*, idagdag *ito*, may pitong idinadagdag, ang pinakahuli ay si Cristo. Idagdag *ito* sa inyong pag-ibig, idagdag ang biyaya sa inyong biyaya, idagdag ang iba pa, at ang iba pa, hanggang sa umabot ito kay Cristo ay ang Pangulong Bato, "At Ako ang pintuan."

218 Ngayon, laging dumarating ang isang anak sa pangalan ng kaniyang ama. Sinumang anak ay dumarating sa pangalan ng kaniyang ama. At sinabi ni Jesus, "Pumarito Ako sa Pangalan ng Aking Ama." Kung ganoon ano ang Pangalan ng Ama? Ano ang Pangalan ng Anak? At sabi Niya, "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, gayunma'y inyong makikita Ako." Oo, pumarito Siya sa anyong Espiritu Santo, ang Jesus ding iyon. Iyon ang dahilan na sumasamba sila, "O Jesus!" Kita n'yo? Kita n'yo? Ama, Anak, at Espiritu Santo: ang Panginoong Jesus Cristo Iyon. Iyon lamang. "Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama, at hindi ninyo Ako tinanggap."

219 Ngayon, tandaan, idinagdag rin Niya dito at binigyang-babala tayo, "may ibang paririto," isang denominasyon, isang kredo. "Paririto sila sa kanilang pangalan at sila'y inyong tatanggapin. Ayaw ninyo Akong tanggapin, ang Salitang pinagtibay at pinatotohanan sa harapan ninyo."

220 Kung paanong tama Siya noon, ganoon din Siya ngayon. Huwag n'yong palampasin 'yan, mga tao sa buong bansa! "May ibang paririto, isang iglesya, at paniniwalaan ninyo iyon, dahil sadyang magagawa n'yo ang anuman. Hindi ko iyon pagtitibayin." Hindi Niya kailanman (sa alinmang panahon, kailanman) pinagtibay ang anumang bagay (sa alinmang iglesya) maliban sa Mensahe na ibinigay: ang kay Luther, pag-aaring-ganap; Wesley, ang pagpapabanal; Pentecostal, ang pagpapanauli ng mga kaloob. Pagkatapos. . . At pagkatapos na pagkatapos nilang gumawa ng denominasyon mula rito, doon ay namatay ito. Saliksikin n'yo ang Mga Kasulatan.

221 Subali't sabi Niya, "Pipiliin Ko ang dakong patatahanan ng Aking Pangalan." At ang Pangalan ay Jesus. At si Jesus ang Salita, San Juan 1. Tama ba 'yon? Iyon ang dakong sambahan, kay Cristong Salita. "Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama."

222 Sinabi ng propeta, "Ang Kaniyang Pangalan ay tatawaging Emmanuel." Iyon ay Mateo 1:23, kung nais ninyong isulat 'yon. Jesus, Jehovah, ang Tagapagligtas.

223 Ngayon, ang ika-5 talata ay nagpapakitang Siya ang pintuan. Sa ngayon, marami pang ibang hindi nakikitang katunayan, ang pintuang-daang ito, at Pangalan, at dako ay mapatutunayang may isang dako lamang kung saan nakikipagtagpo ang Dios sa tao upang manambahan, at iyon ay kapag siya'y na kay Cristo.

224 Ngayon, ngayon ang tanong ay, "Paano tayo makakapasok sa Kaniya?" Ngayon, maaaring kumurot ito ng kaunti; nguni't, alam n'yo, gaya ng pag-inom ng gamot, kung hindi ito nakakasuka, walang buting magagawa ito sa 'yo. Kita n'yo?

225 Ngayon, gusto ng mga Lutheran na pumasok sa isang daan, sa pamamagitan ng pag-anib sa iglesyang Lutheran. Nais ng Methodist na pumasok sa pamamagitan ng pagsigaw. Nais makapasok ng mga Pentecostal sa pamamagitan ng pagsasalita sa iba't ibang wika. Hindi pa rin 'yun iyon! Kita n'yo? Hindi, mga kaloob 'yon, iba pa. Subali't sinasabi ng Unang Mga Taga Corinto 12, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu." Espiritu ng Dios, na siyang tagapagbigay-Buhay sa Salita (ang Binhi), upang pagtibayin ang Binhing iyon para sa kapanahunang iyon. Kita n'yo?

226 Heto ang binhi ng kapanahunang Methodist na nakahimlay roon, kinailangan ang Espiritu Santo para mabuhay ang binhing iyon at dalisay. . . dalisayin ang iglesya sa pagpapabanal; hindi iyon ipinangaral ni Luther, 'pagka't hindi niya 'yon alam. Nais naman ng mga Pentecostal na magsalita sa iba't ibang wika para sa pagpapanauli ng mga kaloob. Ipinahahayag ng bawa't isa, "Yan na Iyon! 'Yan na Iyon!" Kita n'yo?

227 "Subali't sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat sa isang Katawan," at ang Katawang iyon ay isang sambahayan, ang sambahayan ng Dios. At iyon ang bahay ng Dios, at ang bahay ng Dios ay ang Pangalan ni Jesus Cristo. "Ang Pangalan ng Panginoon ay makapangyarihang moog, tinatakbuhan Ito ng matuwid at naliligtas."

228 Ngayon, paano kayo makapapasok sa pamamagitan ng isang titulo? Paano matatanggap ang tseke n'yo sa pagsasabing, "Binayaran sa atas ni—ni Reberendo, Doktor, Ministro"? Kita n'yo? Kita n'yo? Maaaring isa kang reberendo, doktor, ministro. Subali't ang *pangalan* ng Panginoon ay "Jesus Cristo." Kita n'yo?

229 "Pinili Kong ilagay ang Aking Pangalan sa pintuan ng bahay ng Aking sambahan, sapagka't ang sambahayan Ko ay magtitipon-tipon doon sa loob sa ilalim ng Dugo; kung paanong sa Egipto, anumang bagay na nasa labas ay namatay. At sa loob doon ay walang tinapay na may lebadura! Walang maka-denominasyong halo Dito kahit saan, ang Aking bahay! Ang Aking mga anak, isinilang mula sa Aking binhi!" Amen!

Luwalhati sa Dios! “Ang binhi Ko ay nasa kanila! Ang Aking . . . Inilalagay Ko ang Aking Salita sa kanila. Ikikintal Ko ang mga ito sa kanilang mga puso. Iyon ang Aking sambahayan, ang sambahayan ng Katawan ni Jesus Cristo; ang pamilya. At ang pintuang ito na papasukan ninyo, hindi Methodist, Baptist, o Pentecostal, kundi sa pintuang patatahanan Ko ng Aking Pangalan.” Hindi ito Methodist. Hindi Methodist ang Pangalan ng Dios. Hindi Pentecostal ang Pangalan ng Dios. Hindi Baptist ang Pangalan ng Dios. Hindi Katoliko ang Pangalan ng Dios. Lumayo ka sa naturang mga pintuan kung ganoon. Kita n’yo? Kita n’yo? Kita n’yo?

²³⁰ “Kundi sa dakong pinili Kong patatahanan ng Aking Pangalan.” Ngayon, wala nang iba pang dako sa Biblia na ibinigay kung saan inilagay kailanman ng Dios ang Kaniyang Pangalan, kay Jesus Cristo lamang, pagka’t Siya ang Anak ng Dios na nagdadala sa Pangalan ng Dios, at pantaong Ngalan ng Dios. “At walang ibang pangalan sa silong ng Langit na ibinigay na sukat ninyong ikaligtas.” Walang anuman sa akin, Methodist, Baptist, Presbyterian, mga katekismo, o anuman ang ibigin ninyong gawin; sa pamamagitan lamang ng Pangalan ni Jesus Cristo kung saan ang bawa’t tuhod ay luluhod at bawa’t dila ay ipapahayag iyon, Siya bilang Panginoon. Ganoon ka makakapasok.

²³¹ At kung sadyang nabautismuhan ka sa tubig nang tama—tama, at gayun pa ma’y itinatangi ang Salita, kung ganoon bastardo ka; ang pagkapanganak sa iyo ay hindi tama. Inaangkin mong sinasampalatayanan mo Siya ganoon pa man, at itinatangi mo Siya.

²³² Paano ko itatanggi ang pamilya ko? Gayong . . . Paano ko maitatanggi si Charles Branham bilang aking ama? Ang isang pagsusuri sa dugo na nasa pinto ay ipapakita ito. Uh-huh.

²³³ Ang kilos ko, at ang pagpapatibay ng Salita ng Dios sa buhay ko ay nagpapakita kung ako nga ba ay anak ng Dios o hindi. Ngayon, hayun ang iisang dako ng Dios. Nakikita n’yo ba ito? Ang tanging lugar kung saan tatanggapin ng Dios ang iyong hain (walang anuman sa akin gaano ka man katapat) ay kay Cristo.

²³⁴ At alalahanin . . . Sasabihin mo, “Buweno, naniniwala akong nakapasok din ako.” Alalahanin, sinasabi ng Biblia . . . Sasabihin mo, “Buweno, sabi ng Biblia, ‘Sinoman ang sumasampalatayang si Jesus Cristo ay Anak ng Dios, ay ligtas, ay maliligtas.’”

²³⁵ Sinasabi Nito iyon, nguni’t alalahanin na nasusulat *din* naman, nasusulat *din*, “Walang sinumang tao ang makatatawag kay Jesus na Cristo, kundi sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo.” Kita n’yo? Maaaring sasabihin mo “Siya nga,” subali’t Siya ay hindi hangga’t ang Banal na Espiritu Mismo na nagbibigay-Buhay sa Salita ang magpatunay nito sa

pamamagitan ng pagpapatibay na ikaw ay ang anak ng Dios. Iyan ang Kasulatan.

²³⁶ “Sa dakong pinili Ko na patatahanan ng Aking Pangalan. Hindi ka sasamba sa alinmang ibang pintuang-daan, kundi sa pintuang-daan na patatahanan Ko ng Aking Pangalan; kung gayon ay tatanggapin Kita, ika’y nasa Aking sambahayan.”

²³⁷ Ngayon, sinusunod ng sambahayan ng Dios ang utos ng Ama ng sambahayan. “At Siya ang Pangulo ng Kapayapaan, ang Makapangyarihang Dios, ang walang-hanggang Ama; at ang Kaniyang nasasakupan at paghahari ay walang katapusan, ang pamamahala ay maaatang sa Kaniyang balikat.” At Siya bilang Tagapamahala, Hari, Emmanuel, Una, Huli, Pangulo ng Kapayapaan, ang Makapangyarihang Dios, walang-hanggang Ama, bawa’t isa sa mga anak Niya ay sumusunod sa bawa’t Salita ayon sa pagkaatas dahil sa sila’y bahagi Niya.

²³⁸ Namumuhay kami sa tahanan namin kung paano namumuhay ang mga Branham. Namumuhay kayo sa inyong tahanan, ang mga Jones, kung paanong namumuhay ang mga Jones.

²³⁹ At sa Bahay ng Dios ay nabubuhay tayo sa pamamagitan ng Salita ng Dios at bawa’t Isa na nagmumula sa bibig ng Dios; at anumang iba pa, mandaraya, hindi tayo makikinig sa kaniya. Kita n’yo? “Kakanin n’yo ang tinapay na walang lebadura, bawa’t kapanahunan ng iglesya, kung paanong ibinigay Ko Ito sa inyo.” Nguni’t huwag ninyong subukang bumalik at ipasok ’yan Dito, dahil nasa tangkay na ito. “Kunin ninyo ang mga buto at bagay-bagay na natira sa hain at sunugin ang mga iyon!” Wala na, namatay na ang kapanahunan ng iglesya, nagpatuloy; nasa isa na naman tayo ngayon. Amen!

²⁴⁰ “Ang dakong pipiliin Ko na patatahanan ng Aking Pangalan.” Oh, naku! Unang Mga Taga Corinto 12.

²⁴¹ Pansinin ang Mga Taga Efeso 4:30.

...huwag ninyong pighatiin ang Espiritu santo ng Dios, na sa kaniya kayo’y tinatakan hanggang sa... (susunod na rebaybal?)...hanggang sa kaarawan ng inyong pagkatubos.

...huwag ninyong pighatiin ang Espiritu santo ng Dios, na sa kaniya kayo’y tinatakan hanggang sa kaarawan ng inyong pagkatubos.

²⁴² Ngayon pansinin. Gamitin natin ’yan sa ating araling Kasulatan. Pagkatapos mas mainam na yumaon na tayo; sa tingin ko ay pinapagod ko na ang mga tao. Kita n’yo? [May isang nagsasabi, “Hindi, hindi naman, Kapatid na Branham.”—Pat.] Tingnan dito, ang mga tao’y nagsisitayo at nagsisiwi na, nakita n’yo, kaya’t sila’y may—nagluluto na sila ng pananghalian, at may nais silang makatagpo. Hindi nila inasahang magpunta dito

para makinig nang maghapon. Kita n'yo? Subali't, tingnan, alam n'yo ba ang . . .

243 [May sinabi si Kapatid na Ben Bryant—Pat.] Ben, oh, dapat pala kitang asikasuhin! Pagpalain ka! Salamat sa iyo, Kapatid na Ben. Mahal kita, Kapatid na Ben.

244 Kung alam n'yo lang kung anong tiniis para sa atin ng kabataang iyon sa digmaang iyon; siya'y nabaril nang malubha, at napasabugan, at lahat na. Nakaranas siya ng lahat-lahat sa buhay, subali't pinagpala siya ng Dios. Nanatili siyang tapat. Iniwan siya ng kaniyang asawa, lumayas at nag-asawang muli, at kinuha ang mga anak niya. Oh, naku, sadyang hindi ko maisip ang tungkol doon.

245 Nguni't, ganoon pa man, pagpalain ka ng Dios, Ben.

246 Nariyan siya ngayon nakalatag na puno ng nangapira-pirasong bakal mula sa bomba, na dumidiin sa kaniyang mga ugat at lahat na. Sadyang . . . Kailangang malaman n'yo ang pinagdaanan ni Ben, nakita n'yo. Pagpalain ng Dios ang kabataang iyon. Oo.

. . . na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng inyong pagkatubos.

247 Pansinin! Ngayon maaaring kumurot ito ng kaunti lang, subali't pansinin. Huwag kayong mayamot sa akin. Tandaan lamang.

248 Noong tumingin minsan ang Israel sa pintuang iyon, na naroon 'yung dugo sa pintuan, ang pangalan (ang dugo, ang buhay), at pumasok sa ilalim ng dugong iyon, hindi na sila lumabas pang muli hanggang sa lumabas sila ng Egipto.

. . . huwag ninyong pighatiin ang Espiritu santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y pumapasok at hindi na lumalabas pa hanggang sa araw na kayo'y matubos palabas. (Kita n'yo?)

249 Alam n'yo, palaging tama ang Biblia. Naglalagay Siya ng mga Salita Doon, kailangan mong ilagay Ito sa lugar Nito, para magawa Ito, mabuo ang buong larawan ng pagtubos. Kita n'yo? Kita n'yo?

. . . huwag ninyong pighatiin ang Espiritu santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng inyong pagkatubos. (Hanggang sa kayo'y matubos.)

250 Kayo'y tinatakan doon, nasa ilalim kayo ng Dugo. Hindi na kayo lumalabas pa. At kung ganoon ano kayo? Anak ng Dios sa sambahayan ng Dios, na tinatakan papasok sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Hindi kayo makukuha ng Diablo kung kinakailangan man niyang gawin iyon; dahil sa patay na kayo, ang bahagi ng inyong dating asawang lalaki ay patay na; at inilibing na kayo, at ang buhay n'yo ay natatago sa Dios sa

pamamagitan ni Cristo, at tinatakan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Kita n'yo? Paano ka pa niya makukuha? Paano ka pa makakalabas? Naroon ka na! Luwalhati! Ngayon iiwanan ko na 'yang mag-isa; sapat lang para malaman n'yo kung tungkol saan ang sinasabi ko.

²⁵¹ Pagkatapos isa nang bagong nilalang, hindi sa isang denominasyon kundi sa Salita. Ikaw ay isang nilikha ng Salita. Dahil sa ang pundasyong bato ay inilagay na sa inyo bago pa man naitatag ang sanlibutan, itinalaga upang maging mga anak na lalaki't babae ng Dios.

²⁵² At sa ibabaw nito ay pumapatong ang bato sa bato, sa bawa't kapanahunan, para pagtibayin ang Salitang iyan na dumarating, sadyang eksaktong gaya ng ginawa ni Jesus sa Kaniyang panahon, na siyang, ang Pangulong Bato nitong lahat. Sa Kaniya ay nakapatong ang bawa't kapanahunan. Na kay Jesus si Moises. Na kay Jesus si David. Na kay Jesus ang mga propeta. Tama ba 'yon? Tingnan n'yo si Jose, ipinagbili ng halos tatlung pirasong pilak, itinapon, ipinapalagay na patay na, inilabas, napunta at napasa kanang kamay ng Faraon. Tingnan, eksakto, si Jesus ay . . . Si Jose ay na kay Jesus.

²⁵³ At noong naparito Siya, Siya ay ang kapuspusan ng mga hari, mga propeta (hallelujah), ang pagka-Dios sa kahayagan ayon sa laman ay nanahan sa Kaniya. Dumating Siya para tubusin mula roon ang isang Nobya, isang Obra-maestra. Isang Obra-maestra na nagsasabi kay Satanas na . . .

²⁵⁴ Kapag sinasabi nito, "Ang mga araw ng himala ay lumipas na. Walang ganiyang bagay na kagaya nitong mga bagay na ito na sinasabi mo."

²⁵⁵ "Layuan mo ako, Satanas." Kita n'yo? Kita n'yo, isang Obra-maestrang nakatayo at nagbabantay.

²⁵⁶ Anomang oras ay darating na muli ang Pangulong Bato, ang pangulo ng lahat ng ito, at tatanggapin ang Nobya sa Kaniyang Sarili; na ang babae ay hinugot mula sa lalaki, isang bahagi ng lalaki. Bawa't . . . Mga gene ng lalaki ay nasa babae, ang bumubuo sa babae. At ganoon ang Salita ng Dios sa Iglesya, ang nagpapaging-Nobya sa Iglesya. Hindi isang denominasyon, sa Diablo 'yan, bawa't isa sa mga iyon. Hindi ko tinatawag ang mga tao roon na ganoon; sila'y kaawa-awang mga nadayang tao, kagaya ng sinabi ni Jesus, "Mga bulag na inaakay ang kapuwa bulag." At hindi Niya sila matawag palabas.

²⁵⁷ At sabi nila, "Aba, ipinanganak Ka sa pakikiapid! Sino'ng nagsabi sa Iyo na maparito Ka? Anong paaralan, anong seminaryo ang kumilala sa Iyo?" Sabi, "Nasa amin si Moises. Kami ay . . ."

²⁵⁸ Sabi Niya, "Kung kilala ninyo si Moises, nakilala sana ninyo Ako."

²⁵⁹ Pagka't isinulat Siya ni Moises sa apat na aklat nito, "Ang Panginoon ninyong Dios ay magpapalitaw ng isang Tagapagbigay ng Salita, isang Propetang gaya ko, at ang hindi makikinig sa Propetang iyon ay ihihiwalay sa gitna ng bayan." Ganoon lang iyon. At ano ba Siya? Ang Salita. At ano Ito? Huwag mag-iwan ng lebadura na naiwan na sa... Basta't huwag lamang maghalo ng lebadura sa gitna Nito. Huwag magdagdag ng anumang kredo, anumang denominasyon, sapagka't madudumihan ito doon mismo, tapos na ang hain mo.

²⁶⁰ Magmadali na tayo ngayon, kaagad-agad, para makahayo na kayo't makakain.

²⁶¹ Pansinin! Ngayon, kung ganoon, anak ka ng Dios, sa bahay ng Dios, ikaw ay bahagi ng ekonomiya ng Dios. Mga Taga Roma 8:1, "Kung ganoon wala nang anumang hatol sa mga na kay Cristo Jesus." Sapagka't patay na sila sa sanlibutan, nabubuhay sa Kaniya, at nabubuhay sa kasalukuyang araw na ito, ipinapakita ang Salita na ginamit sila ng Dios, o itinalaga sila, inilalagay ang kanilang mga pangalan dito sa Aklat ng Nobya. At kapag ang mga Tubig ay maidilig sa binhing iyon na nasa puso, pinapalaki ito tungo sa Nobya ni Cristo. Oh, naku! Sadyang sakdal na sakdal. Sa bawa't kapanahunan ay dati nang laging ganoon.

²⁶² Ang mga Lutheran, sa ilalim ng pag-aaring-ganap, ang mga paa, itinaas ito nang ganiyan; si Wesley, sa ilalim ng pagpapabalan. Ang mga Pentecostal sa ilalim ng mga braso, ang mga gawa at mga kilos at iba pa, naging mga Calvinist... o naging mga Arminian, naging mga legalista. Nguni't ngayon nakarating na tayo sa ulo, ang pangulong bato. "Biyaya! Biyaya!" ang sigaw ng pangulong bato.

²⁶³ Ang pangulong bato ay sumisigaw ng ano? "Biyaya! Biyaya!" Nakalampas na mula sa kamatayan at kredo, tungo sa isang buhay na Salita ng buhay na Dios. Ang tanging inilaang plano ng Dios para sa Kaniyang kapanahunan, ang mga anak Niya sa kapanahunan ng Salita na binuhay sa pamamagitan ng Espiritu gaya ng kislap na sinindihan ang isang bagay para buhayin ito; at nakaupo ngayon sa mga makalangit na dako (sa pangkasalukuyang panahon), buhay na at nakapasailalim sa bawa't pangako na nasa Salita. Pagkatapos ano'ng ginagawa niyaon? Ikaw na bilang bahagi ng gene ng Dios, isang bahagi ng Salita, ang iba pang tao na bahagi ng Salita ng Dios, nakaupong magkakasama, inihahayag ang buong Katawan ni Cristo, dahil walang lebadura sa gitna ninyo. (Nakikita mo ba ang tinutukoy Niya, Kapatid na Brown?) Walang lebadura sa gitna ninyo, ang Salita lamang, nakaupo sa mga makalangit na dako, sa pintuan kung saan Niya inilagay ang Kaniyang Pangalan: Cristo Jesus.

²⁶⁴ Walang lebadura sa gitna ninyo, dinadala niyon ang buong kapuspusan ng pagka-Dios ayon sa kahayagan sa laman sa gitna

ninyo. Hindi iyon magawa sa kapanahunan ni Luther, hindi iyon magawa sa kapanahunan ni Wesley, hindi iyon magawa sa kapanahunan ng Pentecostal; kundi sa araw na ang Anak ng tao ay mahayag, maipahayag, naipanumbalik ang Iglesya nang sama-sama kasama ang buong Pagka-Dios ng Dios sa gitna ng Kaniyang bayan, ipinakikita ang siya ring nakikitang mga tanda, inihahayag ang Kaniyang Sariling gaya ng ginawa Niya sa pasimula noong Siya ay nahayag sa mundo sa anyong Propetang-Dios. Oh! Luwalhati! Ipinangako ng Malakias 4, ipinangako ng iba pang Mga Kasulatan. Saan kayo sumasamba? Sa bahay ng Dios, na nakaupo (sa pangkasalukuyang panahon.)

²⁶⁵ Ngayon, kaagad-agad, tingnan natin nang talagang madalian ngayon, at pagkatapos humayo na... Sa loob ng sampung minuto aalis na tayo, kung loloobin ng Panginoon.

²⁶⁶ Ngayon tunghayan natin ang ilang binuhay sa bahay na ito ng Dios, sa kanilang kapanahunan.

²⁶⁷ Si Enoc! (Sa loob ng sampung minuto aalis na tayo, kung makapagtitiis lang kayo nang ganoon pa katagal.) Tingnan, si Enoc ang buhay na Salita ng Dios ng kaniyang kapanahunan, isa siyang propeta.

²⁶⁸ Ang isang propeta ay tagapagpaaninag ng Dios. Ilan ang nakaaalam niyon? Ang—ang tagapagpaaninag ay hindi naiaaninag ang sarili nito, ang—ang tagapagpaaninag ay hindi mismo ang aninag. May tumatama dapat na bagay sa tagapagpaaninag—tagapagpaaninag para ito makapagpaaninag. Kaya ang isang propeta ay isang piniling sisidlan ng Dios na hindi man lang makapagpaaninag ng anuman malibang nasa direktang linya siya sa iniaaninag na iyon, ang Dios, para maipaananinag ang larawan ni Cristo, ang Salita. Kita n'yo, wala nang iba pa ang makagagawa nito. Isa kang tagapagpaaninag, iyon ang dahilan na kinailangang kainin ng propeta 'yung aklat. Iyon ang dahilan na kinailangan niyang kainin 'yung balumbon ng papel. Kinailangan niyang maipaananinag ang Salitang iyon para sa kapanahunang iyon. Nakuha n'yo ba?

²⁶⁹ Pansinin si Enoc, ang sakdal na tagapagpaaninag ng Dios sa tipo. Noong ang Dios ay tapos—tapos na sa kaniya, Kaniya lamang inilipat siya, dinala siya paitaas. Ang mekanika na kaniyang inianinag ay naging dinamika sa Espiritu, at dinala siya paitaas.

²⁷⁰ Ganoon din sa mga araw ni Elias. Si Elias, maging sa kaniyang mga buto, kung saan ang aninag na iyon... Tagapagpaaninag ng Dios sa kaniyang katawan na inihahahayag ang Salita ng Dios. Inihimlay nila ang isang taong patay dito, siya'y biglang nabuhay muli. Tayo ay laman at buto Niya, hangga't Nobya tayo ni Cristo. Nananampalataya ba kayo roon? Buweno. Namatay Siya para sa atin, at namatay na tayo sa ating

mga sarili at inilibing na sa Kaniyang Pangalan, upang tayo ay “hindi na sa sanlibutan, kundi sa Kaniya na,” na kapuwa ang sambahayan sa Langit ay kinuha sa pangalan ni Jesus Cristo. Iyon ay Mga Taga Efeso 1:21. Sapagka’t kapuwa ang Langit. . . ang sambahayan sa Langit. Ano ang ipinangalan sa sambahayan sa Langit? Jesus. Ano’ng ipinangalan sa sambahayan sa lupa? Buweno, ’yun ay ang bahay ng Dios kung saan naroon ang Dugo. Tama ba ’yon? Iyon ang pinto, ’yun ang pintuang-daan, ’yun ang dakong pinaglagyan Niya ng Kaniyang Pangalan, at ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin. Iyon ang Salita na ipinapaaninag at ikinikislap ang kapanahunan na iyong kinabubuhayan. Iyon ay kung ano Siya, iyon ay kung ano si Moises, iyon ay kung ano si Jacob, iyon ay kung ano ang iba pa sa kanila, ikinikislap ang Salita na iyon ng Dios, ang tagapagpaaninag na pinapag-aaninagan ng Dios sa Kaniyang Sarili. At marating ang sakdal na larawang iyon ng Dios, si Jesus Cristo, ang Obra-maestra ng Dios; ay hinampas upang makuha Niya ang iba pa sa kanila bilang Nobya na naging mga tagapagpaaninag.

²⁷¹ Nasa Kaniya si Moises. Nasa Kaniya si Josue. At kung ika’y nasa Kaniya, nasa Kaniya ka na bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan, ang sambahayan ng Dios; nagtiis kang kasama Niya, namatay kang kasama Niya, nagtungo ka sa krus kasama Niya, bumangon kang kasama Niya; at ngayon kasama mo pa rin Siya, na nakaupo sa mga Makalangit na dako, na ipinapaaninag ang Mensahe ng kapanahunan sa sanlibutan, ang Liwanag ng sanlibutan. “Kayo ang Ilaw ng sanlibutan,” subali’t kapag ito ay nakatago sa maka-denominasyong takalang basket, papaano nila Iyon makikita? ’Pagka’t sa inyong mga tradisyon, niwawalan ninyo ng kabuluhan ang Liwanag! Sa pagpupumilit. . . Kayong mga maka-denominasyon, sinisikap na ilayo ang Liwanag sa inyong iglesya; ayaw ninyong pumasok, ni pahihintulutan din naman sila. Amen.

²⁷² Tumigil lamang tayo. Naku, mayroon akong napakarami pa dito. Tayo—maaari tayong makapagpatuloy. . . Oh, naku! Limang minuto pa ang mayroon tayo.

²⁷³ Nakikita n’yo kung sino ’yung pintuan? Saan inilagay ng Dios ang Kaniyang Pangalan? Kay Jesus. Paano ka ba makakapasok sa Kaniyang Pangalan? Paano ka ba makakapasok doon? Sa pagiging nabautismuhan roon! Paano? Sa pamamagitan ng tubig? Sa pamamagitan ng Espiritu! “Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo.” Iyan ang bautismo ng Banal na Espiritu.

²⁷⁴ Inilalagay ka lamang ng bautismo sa tubig sa pakikisama sa mga tao, na napagkilala mong tinanggap mo na si Cristo. Iyon ang Katotohanan. Subali’t iyon ay bautismo sa Espiritu. Maaari kong bigkasin ang Pangalan ni Jesus sa iyo at bautismuhan ka, hindi nagpapaging ganoon iyon.

275 Subali't kapag sa sandaling ang Espiritu Santong iyon ay talagang . . . tunay na Salita ay dumating sa iyo (ang Salita, si Jesus), kung ganoon, kapatid, ang Mensahe ay hindi na lihim sa iyo kung ganoon; alam mo na Ito, kapatid, nasindihan na Itong lubos sa harapan mo. Hallelujah! Papuri sa Dios! Amen!

I love Him, I love Him
Because He first loved me,
And purchased my salva- . . .

Minamahal na Dios, dalangin ko pong pagagalingin Mo ang mga taong ito, Panginoon, at gawing magaling ang bawa't isa sa kanila. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

276 Oh! Pag-ibig! Oh!

Mula noon, sa pananampalataya nakita ko ang batis
Na inilaan ng Iyong umaagos na mga sugat,
(mula sa Obra-maestrang iyon)
Pag-ibig na mapagtubos ang magmula noo'y naging himig ko na,

277 Paano mo . . . Ang Dios ay Pag-ibig. "Ang umiibig ay sa Dios," makalangit, na banal na pag-ibig, hindi maruming pag-ibig; malinis, dalisay, banal na pag-ibig, pag-ibig ng Dios na Salita. "Ang mga kautusan Mo'y aking iningatan sa aking puso, upang huwag akong magkasala laban sa Iyo," oh, naku, ang David na iyon ay nagsusumamo. Hindi ba't Siya'y kahanga-hanga? Di ba't mahal n'yo Siya?

278 Ngayon, may isang Daan, isang dalisay, na banal na Daan, isang tanging dakong tagpuan na katagpuin ka ng Dios. Hindi dahil sinasabi mo, "Dios, ngayon, mabuti po akong Methodist. Mabuti akong Baptist. Mabuti akong Pentecostal." Hindi! Dahil sa ikaw ay na kay Jesus na Salita, ang bahagi ng Salita na inihahayag sa araw na ito, ang Mensahe para sa araw na ito; hindi kay Luther, kay Wesley, Pentecostal; kundi ng iyong Jesus, ang aninag, na dumating *dito*. Hindi ka maaaring bumalik diyan, 'yan ay pagdadagdag ng lebadura sa inyong banal na Tinapay, na, "Ang tao ay mabubuhay sa bawa't Salitang lumalabas sa bibig ng Dios, sa kapanahunan Nito."

279 O dumating Ka, Panginoong Jesus, ang dakilang Pangulong Bato. Masdan na nakahimlay roon, ang alabok nilang mga Lutheran na namatay noon sa ilalim ng pagmamartir; tingnan silang mga Methodist.

280 Ang mga Pentecostal na iyon at iba pa, na lumilitaw na ngayon, 'yung tunay na lumabas na katangian.

281 Kayong mga Assemblies of God ay humayo at nag-organisa, gayong ang mismong bagay na pinag-ahunan sa inyo ng Dios, bumalik kayo mismo doon na gaya ng baboy sa kaniyang lubluban.

²⁸² Kayong Oneness na nagkakaisa, ang dating J.C. ng... Pentecostal Assemblies of Jesus Christ. Isa na para sa mga itim, at pinaghiwa-hiwalay ang inyong sarili dahil sa segregasyon. Kayo na gumawa niyan, at pagkatapos pinagkaisa ang inyong mga sarili at tinawag itong "Nagkakaisa." At pagkatapos nag-organisa, at nakipagtalo sa mga Assemblies: "Kagaya ng asong binalikan ang kaniyang suka." Kung pinasama ang pakiramdam ng aso ng suka sa una pa man, hindi ba nito muling pasasamain ang kaniyang pakiramdam? Palitan ang inyong pagkain mula sa inyong denominasyon tungo sa Salita, at mabuhay na kasama ni Cristo. Mahiya kayo!

I've got a Father over yonder,
I've got a Father over yonder,
I've got a Father over yonder,
On the other shore.

Some bright day I'll go and see Him,
Some bright day . . . go and see Him,
Some bright day I'll go and see Him,
On the other shore.

Oh, won't that be a happy meeting,
Won't that . . . (Salita patungo sa Salita!)
meeting,
(Pagpailanlang ng Nobya, Salita sa Salita.) . . .
happy meeting,
On the other shore.

Oh, that bright day may be tomorrow,
That bright day may be tomorrow,
That bright day may be tomorrow,
On the other shore.

²⁸³ Sasabihin mo, "Totoo ba 'yon sa iyo, Kapatid na Branham?"

²⁸⁴ Siyanga, po! Nang ang mga Lutheran ng kapanahunang iyon, ang mga Wesley sa kanilang kapanahunan, ang mga pentecostal sa kanilang kapanahunan (yaong mga tunay, hindi ang mga maka-denominasyon); ang mga Pentecostal, yaong nagdagdag ng lebadura (ang kanilang denominasyon), ay nangamatay. Subali't ang tunay na Salitang ito ay patuloy na kumikilos, kita n'yo. Kagaya ng sabi ni Jesus, "Sa araw na iyon, makikilala ninyong Ako ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Akin, at Ako'y nasa inyo at kayo'y nasa Akin." Ang Salita lahat iyon!

Oh, won't that be a happy meet- . . . (kapag ang
mga anak Niya'y nagkakatipon-tipon na sa
Kaniyang pintuang-daan)
. . . happy meeting,
Won't that be a happy meeting,
On the other shore.

²⁸⁵ Ngayon, iglesya, nagtuturo tayo ngayon. Nguni't, tandaan, pag-alis n'yo rito, umpisahan n'yo nang iwanan ang talukap

ngayon; papunta na kayo sa butil, subali't mahimlay kayo sa Presensiya ng Anak. Huwag dagdagan, kung ano'ng sinabi ko; huwag bawasan, kung ano'ng sinabi ko. Dahil sa, sinasabi ko ang Katotohanan sa abot ng nalalaman ko Ito, kung paanong ibinigay sa akin ng Ama. Kita n'yo? Huwag kayong magdagdag Rito, sabihin n'yo lang ang sinabi ko.

²⁸⁶ Ang bagay dito ay, sabihin lamang sa mga tao na maparito para hanapin ang Panginoong Jesus. At kung magkagayon kayo mismo ay mahimlay doon sa Kaniyang Presensiya, ibigin lamang Siya, "O Panginoong Jesus, Anak ng Dios, mahal Kita. Palambutin Mo po ang aking puso, Panginoon. Alisin po ang lahat ng karumihan at ang pag-ibig sa sanlibutan, at hayaang ako'y mabuhay nang banal sa kasalukuyang sanlibutang ito sa harapan Mo."

²⁸⁷ Iyukod natin ang ating mga ulo para sa pananalangin. Ngayon, tingnan natin, meron ba tayong sinumang napili para magsara sa panalangin? O, ako na, kung ganoon. Maging tunay na mapitagan.

²⁸⁸ Minamahal na Dios, pinasasalamat na Ka po namin na nakakain kami ng espirituwal naming pagkain. Nagpapasalamat kami sa Iyo, Panginoon, na ang sustansiya ng Salita ay nagpapalaki ng mga anak ng Dios. Wala itong bisa sa iba pang uri ng katangian, sa mga anak na lalaki't babae lamang ng Dios. Kaya't nagpapasalamat po kami sa Iyo para Dito. At dumadalangin kami, Dios, na makikinabang kami kalakip niyon, na hindi Ka lamang namin pasasalamat. Pinasasalamat na Ka po namin para Dito, subali't gamitin nawa namin ang kalakasan upang sikapin (sa pamamagitan ng Pag-ibig) na himukin ang mga tao na manampalataya sa aming Dios; ang mga masuwayin, ang mga makasalanang, ang mga kababaihan, ang mga kalalakihan, ang mga batang lalaki, ang mga batang babae, sa kapanahunang ito.

²⁸⁹ Nakikita, Panginoon, na ang mga kalalagayan ng pag-iisip, ang kapanahunan ng pagkanerbiyos na kinabubuhayan ng mga tao, itinutulak nito sila na mawala sa katinuan nila; upang ganap na tuparin ang sinabi ng Kasulatan at ipinangako, ang mga napakanakapanghihilakbot na mga bagay ay darating sa ibabaw ng lupa; gaya ng mga balang, upang pahirapan ang mga babaeng nagpuputol ng kanilang buhok, magkakaroon ang mga ito ng mahahabang buhok gaya ng babae. At iba't ibang nakakatakot na tanawin na makikita nila, Panginoon, doon sa mental, na nakapanlililang na kalalagayang kinasasadlakan nila, at pagkatapos sumisigaw para sa mga bato at mga bundok. Mga kababaihang magsisilbing ina sa mga aso't pusa, at hindi magpalaki ng mga anak upang parangalan Ka. Yaong mga binigyan Mo ng mga anak at isinilang nga nila sila, pinakakawalan naman sila sa mga lansangan para gawin ang ibigin nila. Kaya naman pala sinabi Mo, Panginoon, noong

patungo Ka sa krus, “Kung magkagayon ay magpapasimulang humiyaw sila sa mga bato at mga bundok na mangahulog ang mga ito sa kanila.”

²⁹⁰ Nakikita po namin ang lahat na kumikilos patungo sa oras na ito. Nakikita namin ang Kasulatan na pinagtitibay, pinatotohanan. At kung paanong nakikita namin Iyan, Panginoon, Ikaw sa pamamagitan ng sarili naming mga mata (na nahahayag), balang araw magkakaroon ng Pag-agaw at makikita namin ang kahayagan ng Salitang iyan, “Sapagka’t ang Anak ng tao ay paririto sa mga alapaap ng kaluwalhatian, ang Kaniyang mga banal na Anghel ay kasama Niya, at tayo’y aagawin upang salubungin Siya sa hangin.” Mangyayari nga iyon kung magkagayon. . . Naririnig na namin ang tungkol dito ngayon, kung magkagayon ay makikita namin ito sa sarili naming mata.

²⁹¹ Kami nawa ay masumpungan sa Kaniya, Panginoon, ang tanging inilaang dako. At Siya ang hain. Dinadala namin Siya, kung ano ang napakinggan namin, si Jesus Cristo, sa bahay ng Dios sa pamamagitan ng bautismo ng Banal na Espiritu, sa Ngalan ni Jesus Cristo. At doon ay tinatanggap ang aming hain at ipinapasok kami sa sambahayan; dahil sa, kahit na nagpapalaboy-laboy sa sanlibutan, itinalaga kami na mga anak na lalaki’t babae ng Dios bago pa naitatag ang sanlibutan. Salamat sa Iyo para doon, Ama. Oh, paano magagawa ng sinuman na tumalikod sa bagay na gaya niyon, kapag nahanap na nila ang Katotohanan, na pinili sila ng Dios mula sa sanlibutan? Milyun-milyon ang napahamak, noong araw na naligtas ako.

²⁹² O nag-aagaw-buhay na Kordero, paano Kita mapasasalamat? Paano magiging sapat na mapagpitagan ang puso ko sa Iyong harapan? Tulungan Mo po ako, mahal na Dios, na mabuhay nang tapat. Tulungan ang bayan ko na mamuhay nang tapat. Idinadalangin ko sila, Panginoon, bawa’t isa, na Iyo ngang gagawin. Dios, paano’t paano man, hindi ko. . . hindi ko malalaman kung papaano. . . hindi ko alam kung papaano, sadyang kung paano humiling, Panginoon; at marahil hindi ko man lamang hinihiling iyon sa tamang pamamaraan. Subali’t patawarin Mo po ang aking kamangmangan, Panginoon, at tingnan Mo na lamang po ang aking puso. Dalangin kong wala ni isa man sa kanila ang mapahamak, wala ni isa man sa kanila, Ama. Inaangkin ko po sila, bawa’t isa, para sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

I love Him, I . . .

At kung mahal ninyo Siya, mahal in n’yo ang isa’t isa. Makipagkamay kayo sa isa’t isa.



ANG TANGING INILAAAN NG DIOS NA DAKO NG PAGESAMBA TAG65-1128M
(God's Only Provided Place Of Worship)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Nobyembre 28, 1965, sa Life Tabernacle sa Shreveport, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org